# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**April 2023**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

3 na maysakit na Pulang mandirigma, dinukot at sadyang pinatay ng AFP....................................6

Berdugong tropa ng 80th IB, inambus ng BHB-Rizal..........................................................................8

Pagdukot at iligal na detensyon sa 3 sibilyan sa Batangas, binatikos..........................................9

Pwersahang pagpapasurender at pagsakdal sa kahera ng RMP, kinundena..............................11

Saan napunta ang badyet ng NTF-Elcac?........13

Mga kasapi ng Kabataang Makabayan, nagraling-iglap sa Kamaynilaan.......................14

Mga mandirigma at masa, nagtipon sa Eastern Visayas.....................................................16

Planong paglamyerda ni Marcos Jr sa UK, binatikos..................................................19

"Profiling" ng mga pulis sa isang abugado sa Mindanao, binatikos.......................................20

Bantang aerial bombing ng 80th IB sa Rizal, kinundena..............................................................21

China, nagbababala laban sa tuluy-tuloy na panunulsol ng US ng gera...............................23

Kabataan, nagprotesta sa embahada ng US kontra Balikatan 2023.................................27

Aerial bombing sa Bastar sa India, binatikos...28

Mga armadong opensiba sa India sa nakaraang 5 taon........................................................30

Mga nars, nagmartsa para sa ₱50,000 sweldo 31

Pagbabawal mangisda sa Zambales dahil sa Balikatan 2023, tinuligsa................................32

Pwersang Lumad Bagani Force, ipinakat ng AFP sa Talaingod................................................34

US-PH Balikatan Exercises, sinalubong ng mga protesta....................................................36

Bilhin ang bigas sa magsasaka, di sa ibang bansa, giit ng mga grupo sa NFA.....................38

Pagbisita ni US President Biden sa Ireland, binatikos....................................................40

Posibleng epekto ng El Niño, dapat paghandaan —mga magsasaka..........................................41

Kapabayaan ng DepEd kaugnay ng benepisyo ng mga guro, kinundena................................42

Mag-asawang magsasaka, inaresto ng 62nd IB ...............................................................43

Mga residente at katutubo sa Negros Oriental, nagprotesta kontra kumpanyang mina............45

Mga residenteng nagbarikada kontra mina sa Palawan, inaresto..........................................46

Protesta kontra-EDCA, inilunsad ng mga Pinoy sa Hong Kong..............................................48

Protesta para sa dagdag sahod, ikinasa sa Monumento....................................................49

Tinanggal na mga empleyado ng BACIWA, nagprotesta sa Quezon City..............................50

Mga sakahan sa Tarlac, kinakamkam ng AFP. 51

Pondo para sa pag-aayos ng mga klasrum, iginigiit ng mga guro.........................................53

Ripleng armalayt, nakumpiska ng BHB-Masbate sa aset ng 2nd IB............................................55

Tatlong armas, nakumpiska sa aset ng 62nd IB ..................................................................56

Estudyanteng tutol sa dagdag-matrikula at ROTC, ginigipit.................................................58

₱26.9 milyon, nilustay sa pagpapasabog ng 5 Javelin misayl sa Balikatan 2023.......................59

Mahigit 100, patay sa karumaldumal ng pambobomba sa Myanmar..............................60

Pagbansag na terorista sa konsultant ng NDF, kinundena..................................................62

SIMReg Law, hiniling na ipatigil sa Korte Suprema......................................................64

Iglap-Protesta para sa ika-50 anibersaryo ng NDFP, inilunsad ng mga rebolusyonaryong grupo sa Kamaynilaan...................................66

Magsasaka, pinatay ng 62nd IB sa Negros Occidental..................................................68

Pang-iistraping ng helikopter ng AFP sa Bayugan City, pinalalabas na “engkwentro”....70

₱45/araw dagdag sahod, mga benepisyo, nakamit ng manggagawa ng Globesco.............71

Konsultant ng NDFP sa Negros, sadyang pinatay.........................................................73

Ika-50 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang sa Central Negros..............................................76

All Philippine Trade Unions, magmamartsa sa Mayo Uno...................................................78

Brutal na pagpaslang sa mga Tiamzon at Catbalogan 10, pinaiimbestigahan...................80

Pakanang pag-deactivate ng social media accounts ng di rehistradong SIM Card, binatikos....................................................84

Unyonista sa industriya ng BPO, pinatay sa Bacolod City...............................................85

2 tagapagtanggol ng karapatan ng katutubo, dinukot ng militar.........................................87

Pasaning buwis ng masang Pilipino, dadagdagan pa ni Marcos..............................89

Sapat na produksyon, sagot sa napipintong kasalatan sa pandaigdigang suplay ng bigas…91

Tanggalan ng manggagawa sa San Miguel sa Pampanga, binatikos.....................................92

Walang patid na war games ng US sa Pilipinas, binatikos....................................................94

62.4 ektaryang lupa, nakamit ng mga magsasaka ng Tinang....................................96

AFP, humingi ng dagdag na baseng EDCA para sa "proteksyon"...............................................99

Agresibong aksyon ng Chinese Coast Guard sa Ayungin Shoal, binatikos..............................102

Paggunita sa ika-50 Anibersaryo ng NDFP, idinaos sa Australia.......................................103

2 tropa ng 70th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Bulacan............................................108

60,000 pulis, idedeploy sa bansa kontra-rali sa Mayo Uno...............................................109

Grades 11 at 12, walang saysay....................110

Kabataan, nagmartsa sa CHED kontra taas-matrikula...............................................111

Pulang mandirigmang maysakit sa kidney, sadyang pinatay ng 62nd IB sa Negros..........114

## 3 na maysakit na Pulang mandirigma, dinukot at sadyang pinatay ng AFP

Abril 2, 2023

Tatlong maysakit na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northeastern Mindanao Region ang inabangan sa mga ospital, dinukot at sadyang pinatay ng mga sundalo ng

Armed Forces of the Philippines (AFP) nitong nagdaang linggo. Ito ay sa kabila ng malinaw nilang istatus bilang mga hor de combat o wala sa katayuang lumaban. Ang mga pagpatay ay seryosong paglabag sa internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and Interntional Humanitarian Law (CARHRIHL).

Noong Marso 26, dinukot ng mga armadong pwersa ng estado ang mag-asawang sina Dano at Rosalia Caindoy sa isang ospital sa Misamis Oriental habang nagpapagamot. Si Dano ay labis na nanghihina at namayat dahil sa seryosong mga sakit.

Sa sumunod na araw, pinalabas ng AFP na napatay ang mag-asawa sa isang engkwentro sa pagitan ng yunit nito at ng BHB sa Sityo Vertodazo, Barangay San Juan, Bayugan city, Agusan del sur. Ibinalandra ng mga sundalo ang bangkay ng dalawa at nilagyan ng mga armas para palabasing nagkaroon ng armadong sagupaan.

Noong Marso 29, dinukot naman ng AFP si Emanuel Llanos Anob, 67 at maysakit, sa haywey sa Butuan City. Galing sa ospital si Anob nang dukutin siya. Naiulat pa ng kanyang mga kaanak ang kanyang pagkawala bago mapag-alamang pinatay siya. Basta na lamang inilagak ng mga sundalo ang kanyang bangkay sa isang funeral home sa Bayugan City noong Marso 30. Pinalalabas na napatay si Anob sa isang engkwentro sa hangganan ng Barangay Umalag at Castillo, San Miguel, Surigao del Sur.

Ang dalawang kaso ng sadyang pagpatay ay labag din sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4 ng CARHRIHL kung saan ipinagbabawal ang “hindi pag-uulat sa identidad, personal na kalagayan at sirkunstansya ng isang taong pinagkaitan ng kanyang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong labanan sa mga Partido...” (Numero 5); at “karahasan sa buhay at pagkatao, partikular ang pagpatay o pagpinsala, pagpapailalim sa pisikal at mental na tortyur…” (Numero 1).

Nang madakip ang tatlo, dapat ay kinilala ang kanilang mga karapatan bilang mga personahe na sangkot sa armadong tunggalian o bihag ng digma at bigyan ng tamang pagtrato at proseso sang-ayon sa mga napirmahang kasunduan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

## Berdugong tropa ng 80th IB, inambus ng BHB-Rizal

Abril 2, 2023

Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Rizal ang nag-ooperasyong tropa ng 80th IB sa Sityo Karayupa, Barangay San Rafael, Rodriguez noong Marso 31. Isang sundalo ang napatay.

Ayon sa BHB-Rizal, matagal nang namemerwisyo at nang-aabuso ang 80th IB sa mga sibilyang komunidad. Mula pa Pebrero ay nag-ooperasyon na ang naturang yunit sa mga barangay na sasaklawin ng proyektong Wawa-Violago Dam.

Nagsisilbing gwardya ang mga sundalo ng mapangwasak na proyekto.na ito.

“Dahil sa mga operasyong ito ay ilang kaso na ngpanggipit at sarbeylans ang isinagawa nito sa mamamayan ng Rizal na nagnanais manatili sa kanilang mga tirahan at lupaing apektado ng dam,” ayon sa BHB-Rizal.

Anito, naisagawa ang gerilyang aksyon dahil sa nagpapatuloy na suporta ng masang anakpawis sa hukbong bayan, taliwas sa kasinungalingang ipinahayag ng AFP.

Samantala, nasamsam ng BHB-Cenral Negros mula sa mga armadong maton ang dalawang maiksing armas sa Sityo Manlama, Brgy Montilla, Moises Padilla, Negros Occidental noong Marso 30. Nakuha ang mga armas mula kay Eddie Abarquez at kanyang maton na si Lemark Nueva. Ginagamit ni Abarquez ang armas para dahasin at sindakin ang mga residenteng nais niyang agawan ng lupa.

## Pagdukot at iligal na detensyon sa 3 sibilyan sa Batangas, binatikos

Abril 3, 2023

Kinundena ng Karapatan-Southern Tagalog ang labag sa batas na pagdukot at iligal na pagbibimbin sa tatlong sibilyan sa Batangas simula pa Marso 27. Dinukot ng 59th IB sa Medical Center-Western Batangas, Balayan sina Lloyd Descallar at Alfred Manalo, kapwa boluntir ng Sugarfolks Unity for Genuine Agricultural

Reform (SUGAR)-Batangas, at si Angelito Balistostos.

Sina Descallar at Manalo ay dinampot ng mga ahenteng militar habang naghihintay sa labas ng ospital. Si Balitostos, 65 anyos, ay dinampot din ng mga ahente dahil nakataong nagdaraan siya habang dinudukot ang naunang dalawa.

Sina Descellar at Manalo ay naglulunsad ng konsultasyon sa mga magtatapas at maliliit na plantador ng tubo sa Balayan matapos ang pagsasara ng Central Azucarera Don Pedro Incorporated (CADPI) na makaaapekto sa kanilang kabuhayan.

Matapos ang ilang araw na paghahanap at paggigiit ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan, napilitan ang 2nd ID na amining nasa kustodiya nila ang tatlo. Ang mga grupo sa karapatang-tao na naghanap sa Balayan 3 ay paulit-ulit na nakaranas ng panggigipit at harasment mula sa mga sundalo.

"Lubos na kinukundena ng Karapatan-ST ang 59th IB sa pagdukot sa Balayan 3. Sa kabila ng serye ng mga kasinungalingan para itago at pagtakpan ang kanilang krimen, napilitan silang aminin na nasa kustodiya nila ang Balayan 3," pahayag ng Karapatan-ST.

Iginigiit nila na pahintulutan ang pamilya at mga abugado na bisitahin ng tatlo at kilalanin ang kanilang mga karapatan.

## Pwersahang pagpapasurender at pagsakdal sa kahera ng RMP, kinundena

Abril 3, 2023

Mariing binatikos ng Rural Missionaries of the Philippines ang nagpapatuloy na panggigipit, pwersahang papasurender at pamimilit para sumang-ayon sa mga kasinungalingan at huwad na mga kaso ng kanilang mga myembro. Kinundena nito ang pamumwersa kay Angelie Magdua, kahera (cashier) ng RMP, na inipit at hinatulang maysala sa kasong "financing terrorism" noong Marso 16.

Kasama si Magdua sa 16 na myembro ng RMP na kinasuhan ng paglabag sa Seksyon 8 ng R.A. No. 10168 o Terrorism Financing Prevention and Suppression Act. Inakusahan silang nagbibigay ng pondo ng RMP sa Paritido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Isinampa ang kaso laban sa kanila noong Agosto 2022.

Idinaan sa plea bargain (negosasyon sa pagitan ng nagsakdal at sinakdal para umaming nagkasala) nang walang paglilitis ang 55 kaso ng "financing terrorism" (pagpopondo ng terorismo). Ibinaba ang kaso labang sa kanya mula sa pagpipinansya tungo sa pagiging "accesory" o kasabwat sa krimen dulot diumano ng kanyang "pagsurender" noong Disyembre 4, 2022. Hindi inanunsyo ng Department of Justice ang "pagsurender" na ito, taliwas sa naging gawi ng mga ahensya ng gubyerno na iparada ang mga sibilyang "surenderi." Si Magdua ang kauna-unahang

hinatulang nagkasala sa kasong “pagpopondo sa terorismo.”

“Hindi lamang nirered-tag at sinasampahan ng gawa-gawang mga kaso ang mga misyunaryo at manggagawa (ng RMP), isinasailalim rin sila sa mga operasyong naglalayong ipresyur sila para sumang-ayon sa mga kasinungalingan at imbentong kwento,” ayon sa RMP. Sa ngayon, natigil ang mga programang edukasyon, pangkabuhayan at iba pang serbisyong pangkaunlaran ng RMP-North Mindanao Region dahil sa mga akusasyong ito.

“Maraming ordinaryong Pilipino na katuwang ng mga ministro ng RMP-NMR ang hindi na nakatatanggap ng kinakailangang tulong at pagkakataong umunlad dahil dito,” ayon sa grupong relihiyoso.

Tinawag ng Union of Peoples Lawyers in Mindanao na “hungkag” at “desperado” ang ipinagmamayabang ng DoJ na “tagumpay na paghatol” kay Magdua. Sa pamamagitan ng plea bargain, iniwasan ng DoJ na isalang sa korte ang kaso kung saan makikilatis ang testimonya ni Magdua, gayundin ng mga “saksi” na ipinrisinta ng estado, anito. Ikinalulungkot ng UPLM na nabitag ng estado si Magdua gamit ang mga kasinungalingan at mga huwad na pangako.

“Napagkaitan ng suporta ng isang masugid na alyado ng mga komunidad ng lumad at magsaasaka sa kanilang paglaban sa mga operasyong mina at malakihang negosyong agrikultural sa rehiyon,” ayon sa grupo ng mga

abugado. “Ipinagkait sa kanila ang katuwang na nagtatransporma sa mga lumad tungo sa pagiging tagapagtanggol sa karapatang-tao.”

## Saan napunta ang badyet ng NTF-Elcac?

Abril 3, 2023

Noong Marso 30, inamin ng bagong-talagang direktor ng NTF-Elcac na si Lorenzo Torres na 16% lamang sa 846 ng proyektong farm-to-market road ng ahensya ang nakumpleto noong 2022. Nakapailalim ang mga mga ito sa Barangay Development Program na may badyet na ₱10 bilyong pondo sa taong iyon.

Para sa 2023, dinoble pa ng DBM ang badyet para sa BDP na para umano sa 956 baryo. Walang hiningi at ibinigay na detalye kung anu-anong baryo ang mga ito at anong klaseng mga proyekto ang itatayo dito. Mula nang itinatag ang NTF-Elcac noong 2018, nagsilbi nang palabigasan ng mga heneral sa badyet ng ahensya.

Pormal na itinalaga si Torres sa ahensya noong Marso 28. Bago siya magretiro, nagsilbi siyang kumander ng Northern Luzon Command. Naging kumander din siya ng 10th ID, 1003rd IBde at hepe ng Armed Forces Civil Relations Service.

Beteranong red-tagger si Torres. Noong 2018, pinamunuan niya ang yunit na nag-aresto at nagdetine sa dating kinatawan ng Bayan Muna na si Satur Ocampo, ACT Teachers Party Rep. France Castro at 16 na iba pa sa gawa-gawang kasong

“trafficking” ng mga batang Lumad sa Talaingod, Davao del Norte.

Nasa lugar noon sina Ocampo, Castro at marami pang ibang progresibo para saklolohan ang mga batang Talaingod na noo’y pokus ng matinding pandarahas at panggigipit ng estado. Pinalaya sila ng korte matapos magpyansa ng ₱80,000 kada isa.

## Mga kasapi ng Kabataang Makabayan, nagraling-iglap sa Kamaynilaan

Abril 4, 2023

Sa paggunita ng ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), naglunsad ng isang iglap-protesta ang ilampung kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) sa kahabaan ng Bluementritt, Maynila, noong Abril 2. Ang KM ay lihim na rebolusyonaryong organisasyong ng mga kabataan.

Ilang linggo bago ang rali, tulong-tulong na naghanda ang mga kasapi mula sa iba’t ibang balangay sa punong lungsod. Tiniyak ng bawat balangay ang mga lalahok na kasapi, pagpipinta ng malalaking istrimer, paghahanda ng mga plakard at mga bandila, pati na ang mga gagamiting takip sa mukha. May nagrekorida sa lugar na pagdadausan ng protesta, at umugnay sa mga reporter sa masmidya. Naghanda rin ng pag-ugnay sa mga paralegal team sakaling kailanganin ang kanilang tulong ligal.

Nagbigay-pugay sa BHB ang pambansang tagapagsalita ng KM na si Maria Laya Guerrero.

Kinilala ni Guerrero ang patuloy na pagpupunyagi ng BHB para ibayong isulong ang rebolusyong Pilipino bilang sagot sa lumalalang krisis ng lipunan sa ilalim ng ikalawang rehimeng Marcos.

“Hangga’t nananatili ang reaksyunaryong US-Marcos at pagpapatupad nito ng mga huwad na batas, lumiliyab ang rebolusyonaryong kilusan bilang kagyat at pangunahing solusyon para tugunan ang pambansa at demokratiko nating kahilingan,” ani nito.

Sa buong panahon ng paghahanda at paglulunsad ng raling-iglap, nagsilbing inspirasyon ng mga kasapi ng KM ang hukbong bayan at mga Pulang mandirigma.

Marami sa mga tao sa kahabaan ng Blumentritt ang tumigil at nakinig sa maiksing programang isinagawa. Marami ay napatango pa sa talumpati ng tagapagsalita. Matapos ang programa, organisadong nagtiwalag ang naglaho sa kakapalan ng tao sa paligid. Sa kabila ng intimidasyon at panghahabol ng mga pulis, hindi nito napigilan ang pagpupunyagi at pagtatanghal ng kabataan sa pinakamamahal na Bagong Hukbong Bayan!

Ang isinagawang iglap-protesta ay isa lamang sa mga aktibidad ng KM para sa pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB. Sa mga susunod na linggo, inaasahan ang pagtungo ng mga kabataan sa kanayunan at kabundukan para sumanib sa BHB, makipamuhay sa masa, at buuin ang kapasyahang maging bagong mga Pulang mandirigma.

Sa kabila ng sunod-sunod na anti-insurhensyang patakaran ng pasistang estado, nananatiling matatag at nagpupunyagi ang armadong rebolusyong pinangungunahan ng BHB sa ilalim ng mahigpit na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

## Mga mandirigma at masa, nagtipon sa Eastern Visayas

Abril 5, 2023

Di maaapula ang diwang palaban ng hukbong bayan at masa sa Eastern Visayas.

Buong siglang naipagdiwang ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ng masang magsasaka sa isang prente gerilya sa Eastern Visayas (EV) ang ika-54 taon ng hukbong bayan noong Marso 27. Sa aktibidad na pinangunahan ng BHB-Efren Martires Command (EMC), nagawa nilang bulag at bingi sa kanilang pagtitipon ang pasistang 8th Infantry Division na nagsasagawa ng todo-atake sa rehiyon na dinagdagan ng hindi bababa sa tatlong batalyon ng Philippine Army mula sa pagbubukas ng 2023.

Sa temang "Makatadungan an magrebolusyon! Umapi ha NPA! Makigbisog agud magdaug," muling pinagtibay ng mga Pulang kumander at mandirigma, mga kadre at kasapi ng Partido, at mga kasapi ng mga rebolusyunaryong organisasyong masa ang kanilang kapasyahang isulong ang digmang bayan. Ito ang natatanging paraan upang biguin ang walang habas na pasistang terorismo ng rehimeng US-Marcos sa

rehiyon, ipaglaban ang interes ng masang anakpawis sa gitna ng tumitinding krisis at kahirapan, at kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya para sa mamamayang Pilipino.

Sa programa, nagsagawa ang isang pito-kataong iskwad ng mga Pulang mandirigma ng tahimik na 21-gun salute para sa mga namartir na rebolusyunaryong bayani. Inialay din sa programa ang isang bagong tula ng pagpaparangal para kina Ka Jose Maria Sison, dakilang komunistang guro, at sa mga martir ng Komite Sentral at Politburo ng Partido. Inialay din ito kina Helenita "Ka Elay" Pardalis, sekretaryo ng Komite ng Rehiyon, Gil "Ka Biboy" Giray, kumander ng Panrehiyon na Kumand sa Operasyon ng BHB sa EV; "Ka Mamoy"; "Ka Joshua," "Ka Mike" at sa isa pang Pulang mandirigma. Ang anim ay namartir sa teroristang pambobomba ng 8th ID sa Barangay Imelda, Las Navas noong Nobyembre 23, 2022.

Binigyang-diin sa programa ang pangangailangan na palakasin ang solidong pamumuno ng Partido sa hukbong bayan at sa hanay ng mga rebolusyonaryong masa, upang pagtibayin ang determinasyon nitong biguin ang tumitinding pasismo ng estado sa rehiyon at ipatupad ang kilusang pagbabalik-aral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa mga batayang prinsipyo ng Partido.

Binanggit din sa programa ang pangangailangang isulong ang digmang bayan upang matugunan ang mga batayang demanda ng masa, laluna ng masang magsasaka para sa rebolusyong agraryo. Kailangang buklurin sa makatarungang

pakikibaka ang malawak na mamamayan bilang kasagutan sa kanilang labis na paghihirap at tumitinding hinaing para sa panlipunang pagbabago, ayon sa isa sa mga tagapagsalita.

Binasa din sa programa ang Winaray na bersyon ng editoryal ng Ang Bayan, Marso 7, 2023 na pinamagatang "Digmang bayan para sa kalayaan at demokrasya."

Matapos ang mga mensahe, nagkaroon ng open forum kung saan binigyan ng pagkakataon ang mga dumalo na magtanong at magpahayag ng mga isyu na nais nilang mabigyang-linaw. Tumampok sa diskusyon ang mga maiinit na problema ng masa gaya ng destrosong idinulot ng saywar at pagkakampo militar sa mga baryo sa pamamagitan ng Retooled Community Support Program o RCSP, mas matinding kahirapan ng mga magsasaka dahil sa mga operasyong kombat ng mga sundalo, at kung paano ipagpapatuloy ang mga rebolusyonaryong gawain sa harap ng pinatinding pasismo ng estado.

Naitaguyod ng hukbong bayan at masa ang aktibidad nang lingid sa mga mata at tenga ng kaaway at pinaghandaan sa loob lang ng ilang araw. Nagawa pa nilang magpalitan ng mga kultural na pagtatanghal at magsalu-salo sa simpleng mga pagkain at kakanin.

Pagkatapos ng programa, puyos ng determinasyon ang hukbong bayan at masa na magpurisge sa landas ng digmang bayan. Ilan mang bomba ang ihulog at ilan mang batalyon ang itambak ng kaaway, hinding hindi maaapula ang diwang

mapanlaban ng hukbo at mamamayan sa Silangang Kabisayaan. (Ulat ng Larab)

## Planong paglamyerda ni Marcos Jr sa UK, binatikos

Abril 6, 2023

Kabi-kabilang batikos ang inabot ni Ferdinand Marcos Jr matapos ianunsyo ang plano niyang pagbisita sa United Kingdom para dumalo sa koronasyon ng hari ng UK na si Charles III sa darating na Mayo 6. Ayon sa grupong Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), ang paglalamyerdang ito ni Marcos Jr ay walang kahit anumang silbi sa ma mamayang Pilipino.

Giit ng Bayan, dapat ipaalam ng Malacañang kung magkano ang gagastusin dito dahil magmumula ito sa buwis ng bayan. Dapat din umanong isapubliko kung sinu-sino ang isasama ni Marcos Jr sa pagpunta niya sa UK at kung saan-saan tutuloy at anu-ano ang gagastusin ng delegasyon. “Hayaan niyong ang taumbayan ang humusga kung nararapat ba itong gastusan,” pahayag ng grupo.

Patutsada pa ng grupo, “gamitin sana ni Marcos ang Semana Santa at taunang bakasyon niya para magnilay kung tama bang gagastos sila ng milyones para sa isang seremonya na pwede naman nilang panoorin sa TV.”

Ito ang ika-10 bansa na pupuntahan ni Marcos Jr sa gitna ng matinding ekonomikong krisis na kinasasadlakan ng bansa. Naglamyerda na siya

kasama ang pamilya at malalapit na masugid na tagasuporta sa Singapore, Indonesia, United States, Cambodia, Thailand, Belgium, China, Switzerland at Japan.

## “Profiling” ng mga pulis sa isang abugado sa Mindanao, binatikos

Abril 7, 2023

Kinundena ng mga abugado sa Mindanao at ng National Union of People’s Lawyers (NUPL) ang atas ng direktor ng Surigao del Sur Provincial Police Office noong Marso 29 na i-profile ang isang pampublikong abugado na binansagan nitong “paulit-ulit na nagbibigay ng tulong sa mga hinihinalang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan.”

Giit ng NUPL, ang atas ay isang lantarang tangka na pigilan ang mga abugado sa pagbibigay ng sapat at nararapat na serbisyo sa mga nasasakdal. Anang grupo, isa itong “malinaw na paglabag sa karapatan ng mga akusado at ng malayang pagsasagawa sa kanilang propesyon.”

“Naghahatid ito ng nakatatakot na mensahe sa mga abugado…na ang pagtatanggol sa mga suspetsado at akusado ay gagamitin laban sa kanila,” pahayag pa ng NUPL.

Kaugnay nito, naglabas ng nagkakaisang pahayag ang 16 na mga abugado na nakabase sa Mindanao bilang pagkundena. Pumirma sa pahayag ang naging mga lider ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) sa Mindanao, mga dekano ng mga kolehiyo ng abugasya sa Mindanao, at

tagapangulo ng Union of Peoples' Lawyers in Mindanao.

Ayon sa pahayag, "lubhang pagpapakita (ito) ng ignoransya at lantarang kawalang respeto sa batas. Higit pa, isa itong hindi karapat-dapat na pakikialam at malubhang pag-atake sa pagsasarili at tungkulin ng mga abugado sa sistema ng hustisya sa bansa."

Hindi rin umano ito ang unang pagkakataong ginawa ang "profiling" sa mga abugado sa bansa. "Ang mga kasapi ng PNP, bilang mga tagapagpatupad ng batas, ay dapat sumunod at inaasahang tumulong sa pagpapatupad ng hustisya, at hindi lapastanganin ang mga batas at balewalain ang mga ito nang walang pakundangan," giit pa ng mga abugado.

Panawagan ng NUPL, "panahon na para wakasan ang ganitong kalagim-lagim na gawain at iba pang masamang aksyon ng mga ahente ng estado, laluna ang mga pwersang panseguridad." Liban dito, nanawagan din ang NUPL sa Korte Suprema na protektahan ang mga kasapi ng propesyon at myembro ng hudikatura.

## Bantang aerial bombing ng 80th IB sa Rizal, kinundena

Abril 7, 2023

Kinundenda ng Karapatan-Rizal ang bantang aerial bombing ng 80th IB sa Sityo Lubog, Barangay Mascap, Montalban, Rizal noong Abril 6 ng hapon. Ayon sa grupo, iniulat ng mga residente

ang sapilitang pagpapalikas sa kanila at pagbabanta na “walang makakapasok o makakalabas sa kanilang lugar” dahil sa planong aerial bombing.

Simula pa Marso 31 ay naglulunsad na ng matinding operasyong kombat ang 80th IB sa Montalban at kalapit na mga bayan dahil sa serye ng sagupaan ng mga yunit nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Rizal noong Marso 31.

Dulot ng operasyong kombat, tinatayang 80 pamilya ang napilitang lumikas sa sentro ng Barangay Mascap at 75 sa Barangay Puray. Kabilang sa kanila ang 150 maliit na bata. Liban dito, apektado ng mga operasyon ang hindi bababa sa 90 pamilya sa Barangay San Rafael.

Ang pagdadawit ng 80th IB sa mga sibilyan at sapilitang pagpapalikas sa kanila ay lubhang labag sa internasyunal na makataong batas (IHL) at maging sa kasunduan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nakasaad sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 3, Numero 7 ng CARHRIHL na ipinagbabawal ang: “mga gawa na nagreresulta o nagpapahintulot sa sapilitang ebakwasyon o sapilitang rekonsentrasyon ng mga sibilyan, maliban kung ang gayon ay kinakailangan dahil sa seguridad ng mga sibilyang nasasangkot o dahil sa di-maiiwasang mga kadahilanang militar; ang paglitaw at pagdami sa loob ng bansa ng mga

pamilya at komunidad na napalayas sa kanilang lugar; at ang pagkawasak ng mga buhay at ari-arian ng populasyong sibilyan."

Liban dito, ang planong pambobomba ay labag din sa nakasaad sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: "[Ang sibilyang populasyon] ay pangangalagaan laban sa walang habas na pambobomba mula sa himpapawid, istraping, panganganyon, pagmomortar, panununog, pambubuldoser at iba pang katulad na anyo ng pagwasak sa mga buhay at ari-arian, paggamit ng mga pampasabog gayundin ng pag-iipon ng baril, bala, pampasabog atbp. sa malapit sa kanila o sa gitna ng hanay nila, at sa paggamit ng mga sandatang kemikal at bayolohikal."

Ayon sa Karapatan-Rizal, nakararanas na ng gutom ang mga bakwit at nais na nilang makauwi na lalo't wala ng engkwentrong nagaganap sa kanilang sityo. Nais lamang nila makabalik na sa mga lupang sakahan, maghanapbuhay, at makasama ang pamilya.

Sa kabila nito, hindi sila pinahihintulutan ng militar na makabalik sa kani-kanilang komunidad. Maging ang mga sibilyang upisyal ng sityo at barangay ay pinagbabawalang bumalik sa erya para magsagawa ng inspeksyon.

## China, nagbabala laban sa tuluy-tuloy na panunulsol ng US ng gera

Abril 9, 2023

Lalong uminit ang giriaang US-China dulot ng tuluy-tuloy na panghihimasok ng US sa usapin ng Taiwan. Pinakahuling mapanulsol na hakbang ng US ang pakikipagkita sa California ni US House Speaker Kevin McCarthy sa pinuno ng Taiwan na Tsai Ing-wen noong Biyernes.

Inilarawan ng gubyernong US ang pagtungo ni Tsai sa US bilang pribadong pagbisita. Gayunman, nakipagkita sa kanya si McCarthy at iba pang kongresista at paulit-ulit na itinambol ang tungkol sa "kalayaan" ng Taiwan. Ayon sa China, ang mga hakbanging ito ay taliwas sa prinsipyong One China na itinataguyod ng US mula noong dekada 1970.

Maaalala na noong Agosto 2022, tahasan ring nilaban ng noo'y House Speaker na si Nancy Pelosi ang patakarang ito nang bumisita siya sa Taiwan para makipag-usap kay Tsai.

Sa pagitan ng dalawang pagbisita at kahit bago pa ang una, walang patid ang mapanghamong mga paglalayag at war games na dikit sa teritoryo kundiman nasa teritoryo na ng Taiwan. Bahagi rin ng opensibang mga aksyon ng US ang pagpwesto ng mga armas at tropa nito sa mga bansang nitong Fist Island chain. Kabilang dito ang agresibong pagtatayo ng US ng mga base militar sa Pilipinas sa tabing ng tagibang na mga kasunduan tulad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at Mutual Defense Treaty.

Bilang sagot sa pagbisita ni Tsai sa US, inilunsad ng China ang 3-araw na pagsasanay militar

(United Sharp Sword) noong Abril 8 para mariing kastiguhin ang agresibong pagtutulak ng US ng paghihiwalay ng Taiwan sa China. Nagpadala ang China ng mga eroplano, barko at sundalo sa Taiwan Strait at sa hilaga at timog na baybay ng isla.

“Ang mga operasyong ito ay magsisilbng mahigpit na babala laban sa sabwatan ng mga pwersang separatista na nagsusulong ng “independensya ng Taiwan” at mga eksternal na pwersa at laban sa kanilang mga mapanghamong mga aktibidad,” pahayag ng tagapagsalita ng People’s Liberation Army ng China. Tinawag niyang “depensa sa soberanya at teritoryal na integridad ng China” ang naturang pagsasanay.

“Ang usapin ng Tawian ay internal na usapin ng China at ang resolusyon nito ay usaping Chinese,” giit ng tagapagsalita ng China. “Hindi ang China ang nagpapainit sa mga tension sa (Taiwan) Strait kung di ang mga ‘pwersang maka-independensya’ sa loob ng isla at partikular na mga bansang sumusuporta sa mga pwersang ito.”

Malinaw na pinatutungkulan ng China ang US at mga alyado nitong mga kapitalistang bansa, gayundin ang mga sunud-sunurang mga tutang estado nito sa Asia. Batid ng China ang pagsasangang-dila ng US sa mga pahayag nitong “iginagalang” nito ang “status quo” o ang kaayusang ang Taiwan ay bahagi ng China.

Batid rin ng China ang tusong mga layunin ng US kaugnay sa walang patid na paglalayag ng mga barkong pandigma malapit sa Taiwan Strait at

paulit-ulit na paglulunsad ng mga “pagsasanay militar” malapit dito. Kabilang sa mga ito ang Balikatan 2023 na may bahaging idadaos sa Luzon Strait, ilang kilometro lamang ang layo sa baybay ng Taiwan.

Dalawang araw bago nito, nanawagan ang China sa bansa sa Indo-Pacific na pag-isipang maige ang “seryosong di-maibabalik na kahihitnanan” ng patuloy ng pagkapal ng mga pwersang US sa rehiyon. Pangalawang babala na ito ng China sa Pilipinas kaugnay sa pagdagdag ng mga bagong EDCA site o base militar ng US. Anito, maaring mahigop ang Pilipinas sa gitna ng potensyal na sigalot sa Taiwan Strait dahil sa mga baseng ito.

Tulad ng US, nagsisinungaling din ang tagapagsalita ng Department of National Defense sa pagsabing “hindi nakatuon laban sa isang partikular na bansa” ang apat na EDCA site na idinagdag sa dating lima nang base militar. Tahasan itong nagsinungaling sa pagsabing layunin lamang nitong “imodernisa ang alyansa” ng Pilipinas at US para sa pagpapanatili ng “mapayapa, malaya at maunlad” na rehiyon.

Ang mga pahayag na ito ay una nang pinasinungalingan ng mga heneral mismo ng US na nagsabing bahagi ng paghahanda ng “teatro ng digma” ang pagpwesto nito ng mga tropa at armas sa Pilipinas. Tungo rito, pinopondohan, inaarmasan at sinasanay US ang Armed Forces of the Philippines bilang pwersang pandigma nito laban sa China.

## Kabataan, nagprotesta sa embahada ng US kontra Balikatan 2023

Abril 11, 2023

Sumugod at nagprotesta ang mga kabataan kaninang umaga sa embahada ng US sa Roxas Boulevard sa lunsod ng Maynila para kundenahin ang Balikatan 2023 na sinimulan ngayong araw. Pinamunuan ang pagkilos ng League of Filipino Students (LFS).

Ang Balikatan 2023 ay ehersisyong militar sa pagitan ng mga sundalong Pilipino at Amerikano na gaganapin sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, pangunahin sa mga prubinsya sa hilagang Luzon. Kalahok dito ang 12,000 tropang Amerikano, ang pinakamalaki sa kasaysayan ng naturang pagsasanay. Ito na ang ika-38 beses na ilulunsad ang Balikatan sa bansa. Magtatagal ito mula Abril 11 hanggang Abril 28.

Ayon sa LFS, ang Balikatan exercises ay "direktang patunay na si Marcos Jr ay buong-buong tuta na ng imperyalismong US." Kasabay ng sunud-sunod na ehersiyong militar ng US sa bansa ay pinahintulutan pa ni Marcos Jr ang pagtatayo ng dagdag na apat pang base militar ng US sa Pilipinas mula sa dati nang lima sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Paninindigan ng grupo, "simula nang maupo si Marcos Jr sa poder, tuluy-tuloy nang lumakas muli ang presensya ng US military sa ating teritoryo. Tatlo sa apat na pinakamataas na upisyal ng US

ang bumisita sa bansa sa loob ng siyam na buwan upang konsolidahin at palawakin ang presensyang militar ng US sa bansa."

Ayon sa mga estudyante, ang pagtataksil ni Marcos Jr sa soberanya ng Pilipinas ay nagsasapanganib na mahila ang bansa sa gera sa pagitan ng US at China.

Iligal na inaresto sa naturang protesta ang tagapangulo ng alyansang Stand UP na si Gabriel Magtibay at isa pang estudyante. Samantala, walang dahilan ding dinakip ng mga pulis ang apat na paralegal na rumesponde sa dalawa sa presinto.

Nanawagan ang iba't ibang mga grupo na palayain ang anim na mga inaresto. Kabilang sa nagpahayag ng pakikiisa ang University of the Philippines (UP) -Diliman College of Mass Communication, kolehiyong pinagmulan ni Magtibay.

Giit ng LFS, "ang karahasan ng pulis ay ibayong naglalantad sa ginagampanang tungkulin ng estado bilang tuta ng US sa kapinsalaan ng mamamayang Pilipino."

## Aerial bombing sa Bastar sa India, binatikos

Abril 14, 2023

Kinundena ng mga Adivasi (mga katutubong mamamayan) sa distrito ng Bastar sa estado ng Chhattisgarh, India ang panibagong serye ng aerial bombing sa kanilang mga komunidad noong

Abril 7. Ayon sa mga ulat ng midya, binomba ang mga komunidad ng Jabbagatta, Meenagatta, Kavargatta at Bhattiguda. Hinihinalang gumamit ang estado ng India ng mga drone para isagawa ang mga pag-atakeng ito.

Sa salaysay ng mga reidente, nagsimula ang pambobomba bandang ala-6 ng umaga sa kaburulan ng Morkemetta na nasasaklaw ng mga naunang komunidad na binanggit. Sinundan umano ito ng pambobomba direkta sa mga sakahan ng mga komunidad at walang patumanggang pamamaril ng tatlong helikopter. Iniulat na ilang residente ang nasugatan at nasaktan matapos magsitakbo dulot ng takot.

Ayon sa Forum Against Corporatization and Militarization (FACAM), organisasyong nakabase sa India, hindi ito ang unang pagkakataon na binomba ng estado ng India ang mga komunidad ng Adivasi. Nauna nang naitala ang naganap noong Enero lamang sa distrito ng Bijapur sa estado ng Karnataka, India.

Kaugnay nito, nagawang makapasok ng Coordination of Democratic Rights Organisations (CDRO) noong Marso sa apektadong mga komunidad sa Bijapur para sa isang fact-finding mission. Nauna nilang sinubukang pumasok sa lugar noong Pebrero ngunit paulit-ulit silang hinaras at pinigilan ng reaksyunaryong armadong pwersa ng India.

Batay sa mga testimonya ng mga residente na siyam na bomba ang inihulog dito gamit ang maraming drone na sinundan ng matinding

pamamaril ng dalawang helikopter. Ayon pa sa kanilang misyon, lubhang naapektuhan ng mga ito ang buhay at kabuhayan ng mga Adivasi sa lugar.

"Ang mga pag-atakeng ito ay lumilikha ng malinaw na banta sa buhay at nakapipigil sa mismong pag-iral ng mga Adivasi bilang mga tao," ayon sa FACAM. Ayon pa sa kanila, mahalaga umanong idiin na maraming internasyunal na mga batas ang nagbabawal sa paggamit ng mga pag-atake mula sa himpapawid sa usapin ng internal na tunggalian o mga lugar kung saan may nakatirang mga sibilyan.

"Ang estado ng India, na pinamumunuaan ng Brahmanical Fascist RSS-BJP, ay uhaw sa dugo na naglulunsad ng todong-gera laban sa mamamayan ng bansa, para bigyang daan ang pandarambong ng mga korporasyon sa hitik na likas na yaman na matatagpuan sa mga rehiyong ito," giit pa ng FACAM.

Nanawagan ang grupo sa lahat ng mga progresibo at demokratikong pwersa sa India at ibang mga bansa na makiisa sa mamamayang Indian laban sa mga pag-atakeng ito ng estado ng India.

## Mga armadong opensiba sa India sa nakaraang 5 taon

Abril 14, 2023

Nagtasa kamakailan ang Central Military Commission (CMC) ng Communist Party of India-Maoist kaugnay sa mga opensiba ng hukbang bayan sa India laban sa Oplan Samadhan, ang

kampanyang panunupil ng reaksyunaryong estadong Indian.

Ayon sa CMC, nakapaglunsad ang People’s Liberation Guerilla Army (PLGA), ang armadong hukbo ng CPI-Maoist ng 1,300 taktikla na opensiba sa nakaraang limang taon. Sa mga ito, 65 ang malalaki, 105 ang may katamtamang-laki at ang natitira ay puro maliliit. Nakasamsam ang PLGA ng 85 modernong armas, kasama ang libu-libong bala. Dumanas ang kaaway ng 1,395 na kaswalti, kung saan 425 na pwersa ng pulis ang napatay at 966 ang sugatan. Maraming mga ahenteng paniktik at anti-rebolusyonaryong elemento rin ang naparusahan.

Nagsagawa rin ng maraming aksyon ang PLGA laban sa mga multinasyunal na kumpanyang nagdadambong sa likas na kayamanan ng kagubatang tinitirhan ng mga katutubong mamamayang Indian. Mahigit 300 kagamitan ng mga ito ang pinaralisa ng mga mandirigma.

Sa buong kampanya, namartir ang 26 na mga kasapi ng PLGA, Iginawad sa kanila ang pinakamataas na pagsaludo ng Partido, hukbong bayan at ng rebolusyonaryong mamamayan.

## Mga nars, nagmartsa para sa ₱50,000 sweldo

Abril 14, 2023

Nagmartsa ang mga nars na kasapi ng Filipino Nurses United (FNU) sa Taft Avenue sa City of Manila tungong Philippine General Hospital noong

Abril 12 para ipanawagan ang pagtaas ng entry salary ng mga nars sa pampubliko at pribadong ospital tungong ₱50,000. Lumahok sa protesta ang mga nars mula sa iba’t ibang tsapter ng FNU sa buong bansa. Kasabay ng pagkilos ang paglulunsad ng kanilang pambansang kongreso.

Ayon kay FNU Pres. Maristela Abenojar, hindi nakabubuhay ang tinatanggap na sahod ngayon ng mga nars sa bansa. Sa pribadong ospital, nakapako ang kanilang sweldo sa ₱570 kada araw o ₱12,540 buwanang sweldo. Lubhang malayo umano ito sa nakabubuhay na sahod sa bansa sa harap ng sumisirit na presyo ng mga bilihin.

Paliwanag ng grupo, dahil sa napakababang sahod at hindi maayos na kundisyon sa paggawa ng mga nars sa bansa ay kumakaunti ang mga nars. Anila, mapipilayan ang sistemang pangkalusugan ng bansa dahil kumakaunti ang bilang ng mga nars. Sa datos mismo ng Department of Health, umabot na sa 350,000 ang kakulangan sa nars.

Ayon sa FNU, batay umano sa datos ng gubyerno, 316,405 o 51% ng 617,898 lisensyadong nars sa bansa ay nagtrabaho na sa ibang bayan. Tanging 172,598 o 28% lamang ang nagtatrabaho sa mga lokal na pasilidad pangkalusugan. Habang 20% ay kung hindi walang trabaho, ay kulang ang trabaho o nagtatrabaho hindi bilang mga nars.

## Pagbabawal mangisda sa Zambales dahil sa Balikatan 2023, tinuligsa

Abril 14, 2023

Binatikos ng mga mangingisda at ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) noong Abril 11 ang patakaran ng gubyerno na “no-sail zone” o pagbabawal mangisda sa hindi bababa sa limang bayan ng Zambales para magbigay daan sa 18-araw na ehersisyong Balikatan sa pagitan ng mga sundalo ng US at Pilipinas. Tatagal ang patakaran mula Abril 11 hanggang Abril 28.

Ayon kay Pamalakaya Vice Chair for Luzon Bobby Roldan, ang pagbabawal na maglayag sa mga pangisdaan sa rurok ng fishing season ay hindi katanggap-tanggap at kasuklam-suklam. Ang mga buwan ng Pebrero hanggang Mayo ang rurok ng panahon ng pangingisda sa prubinsya.

“Hindi nararapat na mawalan ng kabuhayan ang mga Pilipino para lang…sa mga war game ng [dayuhang pwersa] na mayroong live fire exercises sa aming lugar ng pangisdaan,” saad ng Pamalakaya.

Inihambing nila ito sa kalunus-lunos na karanasan ng mga mangingisda sa Bicol noong 2009 na anim na buwang pinagbawalang mangisda para magbigay daan sa military drill ng US dito.

“Ibayong ipinakikita nito ang pagkaantala sa kabuhayan ng mga mangingisda hindi lamang sa West Philippine Sea, kundi sa marami pang ibang bahagi ng bansa dahil sa mga ehersiyong militar na ito,” dagdag pa ng grupo.

Binatikos din ng Pamalakaya ang kawalang pakialam ng Armed Forces of the Philippines

(AFP) sa kagalingan ng mga mangingisda matapos sabihing isa lamang itong “maliit na pagkagambala” sa mga mangingisda.

“Pinapaalalahanan namin ang Armed Forces of the Philippines at ang mismong tagapagsalita ng Balikatan na si Col. Michael Logico na huwag ituring bilang collateral damage ang mga mangingisdang maaapektuhan ng isinasagawang military exercises sa Zambales,” ayon sa Pamalakaya.

Giit ng Pamalakaya, “dapat umalis ang mga tropa ng US para maging mapayapa ang mga mangingisdang Pilipino at dalhin nito ang pang-uupat ng gera sa ibang lugar.”

## Pwersang Lumad Bagani Force, ipinakat ng AFP sa Talaingod

Abril 14, 2023

Isang taon matapos ang “deklarasyon” ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na “insurgency-free” sa Talaingod, Davao del Norte, ipinakat nito ang 1,200 Bagani Force para umano magsilbing “tagapagpanatili ng kapayapaan” sa bayan. Pinasinayaan ng 56th IB ang panunumpa ng mga ito sa Barangay Santo Niño sa Talaingod, Davao Del Norte noong Abril 5.

Ang pwersang Bagani ay dadagdag sa dati nang bata-batalyong pwersa ng AFP sa naturang bayan na nanghahalihaw at nagdudulot ng takot at lagim sa mga komunidad ng Lumad at magsasaka. Isa

ang bayan ng Talaingod sa pinakamilitarisadong lugar sa rehiyon.

Noong huling kwarto ng 2021, nakaranas ang Talaingod ng matinding militarisasyon kung saan ipinakat dito ang apat na batalyon ng AFP. Sa panahong ito, naghulog ang AFP ng 51 bala mula sa kanyong Howitzer at nagpaputok ng 18 misayl at ilandaang bala ng kalibre 50 masinggan malapit sa mga sakahan at komunidad ng Lumad.

Liban dito, maraming detatsment ng militar ang nakatayo sa mga komunidad sa tatlong barangay ng Talaingod. Umiiral din sa maraming komunidad ang paggarison o pagkontrol sa populasyon.

Ang ipinakat na 1,200 pwersang Bagani ay bahagi ng tinatawag na Integrated Territorial Defense Systems (ITDS) ng AFP. Kaugnay nito, nauna nang pinulong ng AFP noong Pebrero ang mga pwersang Bagani sa walong barangay ng San Fernando, Bukidnon, bayan na katabi ng Talaingod.

Nauna nang pinuna ng National Democratic Front (NDF)-Southern Mindanao ang ITDS na tinawag nitong “panibagong pasistang makinarya” ng AFP. Anito, gagamitin lamang ang mga ito para sa ibayong militarisasyon sa rehiyon para “protektahan ang pang-ekonomikong interes ng naghaharing mga uri at ang nagpapatuloy na pagpapakasasa ng AFP sa pampulitikang kapangyarihan at burukratikong nakaw.”

## US-PH Balikatan Exercises, sinalubong ng mga protesta

Abril 14, 2023

Kabi-kabilang protesta ang inilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa unang mga araw ng ika-38 US-PH Balikatan Exercises para batikusin ang paglapastangan nito sa soberanya ng Pilipinas. Ayon pa sa mga grupo, inuupatan para sa gera ng ehersisyong militar na ito ang karibal na imperyalistang bayan ng US, ang China. Tatagal ang naturang ehersisyong militar mula Abril 11 hanggang Abril 28.

Nagprotesta ang mga grupo sa Camp Aguinaldo, Quezon City sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) noong Abril 11. Nagsunog ng bandila ng US ang mga lumahok sa protesta bilang pagkundena sa Balikatan 2023.

Ayon sa Bayan, "walang katotohanan sa ipinapahayag na ang mga war games na ito ay para sa kapakinabangan at makatutulong sa mga Pilipino." Anang grupo, ang mga ehersisyong ito ay may kaugnayan sa "paghahanda ng gera ng US at pagpapakita ng imperyalistang lakas nito sa rehiyon."

"Tutol kami sa hindi patas na mga kasunduang militar sa US na lumalapastangan sa ating soberanya at nagdudulot ng ibayong paghina ng ating bansa. Nananawagan kami na ibasura ang lahat ng hindi pantay na kasunduang militar sa US," giit pa ng grupo.

Sa parehong araw, nagprotesta rin ang mga progresibong grupo sa Times Square, New York para kundenahin ang pagpasok ng tropang Amerikano sa Pilipinas at ehersisyong militar nito. Sa pahayag ng Bayan-USA, diniin nitong lalo lamang nahihila patungo sa "proxy war" ang Pilipinas dahil sa pagpasok ng 12,000 tropang Amerikano para sa Balikatan.

Ipinahayag ni Nina Macapinlac ng Bayan-USA sa protesta na "walang duda na tayong mamamayang Pilipino ay gitgitang makibaka para ipagtanggol ang ating soberanya."

Naglunsad din ng pagkilos ang mga kabataan sa embahada ng US noong umaga ng Abril 11 kung saan dinakip ang dalawang aktibistang kabataan. Nakalaya sila noong Abril 12 matapos maglabas ng desisyon ang prosekyutor na kailangan pa ng karagdagang imbestigasyon sa mga kasong isinampa sa kanila ng mga pulis.

Kumilos din ang iba't ibang grupong ng kabataan sa harap ng Philippine General Hospital at Far Eastern University bilang suporta sa mga kabatang inaresto at pagkundena sa Balikatan Exercises. Nagkaroon din ng pakilos ang mga kabataan sa University of the Philippines-Visayas.

Sa kaugnay na balita, binatikos ng mga grupo ang katatapos lamang na 2+2 Ministerial Dialouge na ginanap sa Washington noong Abril 11. Sa pulong na ito, itinulak ng US ang pagpapabilis ng pagtatayo ng mapanghamong mga EDCA site sa pamamagitan ng pagtataas sa pondo para rito mula $80 milyon tungong $100 milyon.

## Bilhin ang bigas sa magsasaka, di sa ibang bansa, giit ng mga grupo sa NFA

Abril 15, 2023

Binatikos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Amihan National Federation of Peasant Women at grupong Bantay Bigas ang mungkahi ng National Food Authority (NFA) na mag-import ng 330,000 metriko toneladang (MT) bigas para punan ang tinatayang kakulangan ng lokal na produksyon ng bigas. Kaugnay ito ng napipintong kakulangan sa nakaimbak na bigas sa bansa. Dapat sapat sa 90 araw na pangangailangan ng bansa ang palagiang nakaimbak o buffer stock.

“Ang mandato ng NFA ay direktang bumili ng bigas sa mga lokal na magsasaka para tiyakin ang sapat na bigas sa bansa,” ayon sa Amihan. “Panahon ng anihan, dapat ang iniisip nila ay kung paano mapapataas ng pagbili ng lokal na palay.”

Ang itinutulak na importasyon ng bigas ay isang malaking pagtalikod sa mga magsasaka at mamamayang Pilipino, giit ng KMP. “Dapat ang unang atas ng Department of Agriculture at NFA ay tulungan ang mga magsasaka na itaas ang kanilang produktibidad para maabot ang target na produksyon ng bigas sa bansa at agapayan ang imbak ng bigas,” dagdag ng grupo.

Paliwanag pa ng KMP, “ang dapat ay ibalik ang kapangyarihan ng NFA na bumili ng mas mataas na bolyum ng palay mula sa magsasaka, ayudahan at tulungan ang mga magsasaka.”

Ayon sa Bantay Bigas, sa huling tala noong Marso 30, ang bolyum ng dumating na imported na bigas ay umabot na sa 746,253 MT, dagdag pa sa 3.8 milyong MT na inimport noong nakaraang taon. Samantala, ang abereyds na pagbili ng bigas ng NFA sa lokal na magsasaka mula 2018 hanggang 2022 ay nasa napakababang 2.3% lamang ng taunang produksyon.

Dagdag pa, batay sa ulat ng NFA noong Enero at Pebrero, tanging 46.3% at 21.5% lamang ang naabot sa target na pagbili ng palay mula sa lokal na magsasaka.

"Dapat itaas ng NFA ang buying price ng palay at pumasok sa loob ng mga komunidad para direktang mabili ang palay ng mga magsasaka. Ang ongoing price ngayon ng palay ay ₱23/kg kung dry at ₱18.50-19/kg kung bagong ani. Kailangan itaas din ng NFA ang presyo para mas marami ang mabili para sa buffer stocking," giit ni Cathy Estavillo ng Bantay Bigas.

Dagdag pa niya, magdudulot lamang muli ng pagbagsak ng farmgate price at pagkalugi ng magsasaka ang pag-iimport ng bigas sa panahon ng anihan. "Ginagamit na dahilan ang pagtaas ng presyo ng bigas para mag-import katulad ng nangyari noong 2018. Pero sa aktwal, hindi naman ito nagresulta sa pagbaba ng presyo ng bigas. Katulad ng nangyayari sa ngayon, 4 na taon nang liberalized ang importation ng bigas pero tumataas pa rin presyo," paliwanag pa ni Estavillo.

## Pagbisita ni US President Biden sa Ireland, binatikos

Abril 15, 2023

Nagprotesta sa Dublin, Ireland ang iba’t ibang grupo kabilang na ang Anti-Imperialist Action Ireland (AIAI) noong Abril 12 kaugnay ng pagbisita ni US President Joe Biden.

Ayon sa AIAI, ang pagbisita ng punong hepe ng imperyalistang US ay bahagi ng pagdadawit sa Ireland para maging bahagi ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) at hatakin sa mga imperyalistang gera nito.

Paliwanag ng grupo, ang anim na county (distrito) ng Ireland ay kasalukuyang okupado ng Britain, isang bansang bahagi rin ng NATO. Samantala, ang Shannon Airport umano ay nagsisilbing base militar ng US sa naturang bansa.

Giit ng grupo, tinatarget ng US na maging bahagi ang Ireland ng alyansang NATO matapos nitong mapilit ang Finland nitong Abril lamang na maging bahagi rin ng alyansa.

Panawagan ng AIAI, “dapat tutulan ang presensya ng NATO at mga tangka nitong ibayong palawakin ang saklaw nito sa bansa.”

Liban dito, binatikos ng grupo ang mahigpit na presensya ng mga armadong pwersa sa buong Dublin at ang pagtatanggal sa mga pulubi sa kalye at pagpapatigil sa mga protesta ng mga aktibista at iba pang mga grupo.

## Posibleng epekto ng El Niño, dapat paghandaan—mga magsasaka

Abril 15, 2023

Nanawagan ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Department of Agriculture (DA) at gubyernong Marcos Jr na kagyat na maglatag ng programa bilang paghahanda at pag-agapay sa posibleng maging epekto ng tatamang El Niño sa bansa. Inaasahang hahagupit ang El Nino sa huling hati ng taon.

Ayon sa KMP, dapat magbuo ng plano ang gubyerno para tiyaking matutulungan ang mga magsasaka sa lokal na produksyon at makaagapay sa suplay ng bigas sa bansa.

Sa huling hati pa ng taon inaasahang tatama ang El Niño ngunit ngayon pa lamang ay naitala na ng PAGASA ang mas mababang antas ng buhos ng ulan. Nag-abiso na rin ang mga kumpanya ng tubig sa Maynila na maaaring makaranas ng pagkaputol ng tubig nang hanggang 19 oras kada araw.

"Kailangan ng bansa ng epektibo at koordinadong aksyon mula sa mga pambansang ahensya at lokal na gubyerno para tugunan ang bantang kakulangan ng tubig na patitindihin ng pagtama ng El Niño," pahayag ng KMP.

Giit nila, pinakatatamaan ng delubyong ito ang agrikultura at mga magsasaka ng posibleng tagtuyot na idudulot nito.

Naranasan ng Pilipinas noong 2019 ang isa sa pinakamatinding epekto ng El Niño sa bansa. Tinatayang $8 bilyong dolyar ang kabuuang pinsala sa agrikultura dulot nito.

Dulot ng climate change, dumalas ang pagtama ng El Niño sa bansa mula kada 15 taon noong bago mag-2000 tungong kada lima hanggang pitong taon matapos ang taong 2000.

## Kapabayaan ng DepEd kaugnay ng benepisyo ng mga guro, kinundena

Abril 16, 2023

Kinundena ng Alliance of Concerned Teachers-National Capital Region (ACT-NCR) Union ang kapabayaan ng Department of Education sa paghahanda ng mga papeles na kinakailangan para maibigay na ang Performance-Based Bonus (PBB) ng mga empleyado ng DepEd para sa 2021. Hindi pa naisusumite ng DepEd ang kinakailangang ulat kahit noong pang Enero 26 sinabihan ang ahensya na ihanda ito.

“Ang kabiguan ng DepEd na magsumite ng mga kinakailangang dokumento para maibigay ang PBB 2021 ay lubhang kawalang pakialam sa kagalingan ng mga guro,” giit ni Ruby Bernardo, pangulo ng ACT-NCR Union. Dagdag pa niya, “nasa panahon pa ito ng matinding ekonomikong krisis kung kailan kailangan ng mga guro ang kagyat na ayuda.”

Paninindigan ng unyon, ang kapayapaan ng DepEd na nagdulot ng pagkaantala ng pagbibigay

ng benepisyo ay hindi katanggap-tanggap. “Dapat mahiya ang DepEd sa mga guro na kayod-kalabaw sa pagtuturo at non-teaching duties, at nagpupuyat pa sa paper work na ura-urada kung hingin pero laging urgent ang submission,” dagdag pa ni Bernardo.

“Inip na inip na ang ating mga guro na matanggap ang PBB… para matustusan ang pangangailangan ng aming mga pamilya. Inaasahan naming matanggap ang benepisyo sa unang kwarto ng taon at maraming guro na ang napilitang umutang para lang makaagapay,” paliwanag pa ni Bernardo.

Ayon pa sa kanya, ang mga guro ay nawawalan na ng pag-asa sa pamunuan ng DepEd na ilang ulit nang kumokontra sa kanilang panawagan para sa dagdag-sweldo, sinisiraan ang kanilang mga panawagan para sa sapat na klasrum at guro.

“Sa kabilang banda, ang dami nilang time para ired-tag at awayin ang aming unyon nagsusulong ng aming mga karapatan at interes” batikos ni Bernardo.

Giit nila, sana magtuon ng pansin ang DepEd sa pagtugon sa kanilang mga kahingian at ng buong sektor ng edukasyon imbes na sinisiraan pa ang kanilang mga unyon.

## Mag-asawang magsasaka, inaresto ng 62nd IB

Abril 16, 2023

Hindi makatarungang inaresto ng mga sundalo ng 62nd IB ang mag-asawang magsasaka na sina Jerry Montefalcon, 49, at Maricel Alper sa kanilang tinutuluyang bahay sa Sityo Natuling, Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental nong Abril 15.

Sinugod ng mga sundalo ang bahay ng pamilya bandang alas-4 ng madaling araw, sa katahimikan ng komunidad at panahon ng pagpapahinga. Dinala sila sa istasyon ng pulis sa Canlaon City. Ang mag-asawa ay mayroong pitong anak.

Sinampahan ng gawa-gawang kasong pagpatay at illegal possession of firearms and explosives si Montefalcon at idinadawit sa mga armadong aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla. Binansagan pa siya ng militar at pulis na “most wanted” na Pulang mandirigma sa Negros Oriental.

Si Montefalcon ay malaon nang biktima ng panggigipit at pananakot ng Armed Forces of the Philippines (AFP), pulis at ng National Task Force-Elcac simula pa Disyembre 2018. Noong Abril 2022, tinangka nang arestuhin si Montefalcon nang lusubin ng 62nd IB ang kanyang bahay at pinalalabas na mayroong nakuha na .38 rebolber. Hindi siya nadakip sa panahong ito dahil wala sa bahay at nagtatrabaho sa tubuhan. Dulot ng insidente, napilitan siyang magpa-“clear” ng pangalan sa PNP Canlaon City noong Agosto 2022.

Sa isang pahayag, inilinaw ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, “wala sa

roster ng BHB si Jerry Montefalcon." Paliwanag pa ni Regalado, matagal nang nagsasaka si Montefalcon sa naturang lugar.

Giit pa ni Regalado, "ang iskemang ito [ng pag-aresto sa mga sibilyan] ay ginagawang gatasan ng AFP, PNP at NTF-Elcac." Dagdag pa niya, ang nangyari sa mag-asawa ay manipestasyon ng korapsyon ng militar.

## Mga residente at katutubo sa Negros Oriental, nagprotesta kontra kumpanyang mina

Abril 16, 2023

Nagtipon at nagprotesta ang mga grupo, katutubo, residente at ilang upisyal ng lokal na gubyerno para tutulan ang pagmimina ng Midan Corporation sa Sityo Tarug, Barangay San Francisco, Santa Catalina, Negros Oriental noong Abril 12. Ayon ito sa ulat ng isang lokal na alternatibong midya.

Ayon sa ulat, nanawagan ang mga residente na itigil ang eksplorasyon ng naturang kumpanya dahil naniniwala silang magkakaroon ito ng masamang epekto sa kalikasan. Nais saklawin ng ekplorasyon ng kumpanya ang isanlibong ektarya ng lupa sa Sityo Tarug, Barangay San Francisco para sa depositong ginto.

Nagpahayag din ng matinding pagtutol sa eksplorasyon at operasyong pagmimina ang alkalde ng Santa Catalina na si Mayor Peve Obaniana-Ligan.

Iniulat din na nagsumite ng petisyon ang Santa Catalina Bukidnon Tribe Association sa lokal na gubyerno para tutulan at ihinto ang ekplorasyon sa bayan. Ayon sa mga katutubo, ang lupang gustong pasukin ng kumpanya sa pagmimina ay bahagi ng kanilang lupang ninuno at pinagmay-arian pa ng kanilang unang lider na si Tolong.

Ayon sa petisyon, "ang pangangalaga sa kagubatan ay pangangalaga din sa karapatan ng mga katutubo na payapang mamuhay, magkaroon ng katiyakan sa pagkain, at makatamasa ng malinis na tubig at hangin."

Nagsumite rin sila ng petisyon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) at sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) para ipatigil ang eksplorasyon.

Ang mga barangay na apektado ng ekplorasyon ay nagpasa na rin ng mga resolusyon laban dito.

## Mga residenteng nagbarikada kontra mina sa Palawan, inaresto

Abril 16, 2023

Anim na residente ng Brooke's Point, Palawan na kalahok sa barikadang bayan kontra sa pagmimina ng Ipilan Mining Corporation (IMC) ang iligal na inaresto ng mga pulis noong Abril 14. Bago nito, marahas na kinaladkad pa ng pribadong maton ng kumpanya ang mga residente bago ikinulong ng pulis.

Ayon sa grupong Alyansa Tigil Mina, "kasuklam-suklam ang ginawang panghaharas, pag-aresto at

detensyon sa mga residente at maging ang demolisyon sa barikada gayong mayrooon nang Cease and Desist Order mula sa alkalde ng bayan ang mismong operasyong pagmimina."

Ayon pa sa mga lumahok sa barikada, isa itong malinaw na paglabag sa batas at sa atas ng alkade ng bayan at insulto sa mamamayan ng Brooke's Point.

"Mapayapa kaming nagbabarikada laban sa iligal at mapahamak na operasyon ng IMC. Bakit nila giniba ang aming barikada at hinaras ang aming mga kasamahan, eh sila itong lumalabag sa batas. Bakit walang ginawa ang mga pulis habang kinakaladkad ng mga IMC security guards ang mga raliyista? Ang IMC ang dapat ikulong at hindi ang mga tao na tumitindig para sa kalikasan at sa ordinaryong mamamayan," ayon kay Rudy Cataluna ng Samahan ng Magsasaka Ayaw sa Pagmimina.

Nag-umpisang gibain ng may 200 security guard at 100 maton ng IMC ang barikada ng mga residente bandang ala-6 ng umaga ng Abril 14. Pagkahapon, nagtipon ang mga reidente sa ginibang barikada para magprotesta. Dito dinampot ang anim na mga kalahok ng protesta. Nasugatan din sa panghaharas ng mga maton ang ilang mga sibilyang residente.

Mula pa Pebrero 18, itinayo na ng mga residente ang barikada sa Barangay Maasin para igiit sa pambansang gubyerno na ipahinto ang operasyon ng IMC na dahilan ng matinding pagbahang nagpalubog sa buong bayan noong Enero.

Ang IMC ay subsidyaryo ng Global Ferronickel Holdings, ikalawa sa pinakamalaking kumpanya na nagmimina ng nikel sa bansa. Hindi bababa sa 2,800 ektarya ang minahan nito sa Palawan na tatawid sa apat na barangay ng Brooke's Point. Noong 2020, tumaas nang 43% o ₱735 milyon ang kita nito sa kabila ng pandemya. Samantala noong 2017, sangkot ang IMC sa pamumutol ng 15,000 mga puno sa mahigit 100 ektaryang natural forest sa Brooke's Point.

## Protesta kontra-EDCA, inilunsad ng mga Pinoy sa Hong Kong

Abril 16, 2023

Nagprotesta ang mga migranteng Pilipino sa Hong Kong noong Abril 12 para batikusin ang inilulunsad na Balikatan 2023 na nilalahukan ng mga tropa ng US at Pilipino sa maraming bahagi ng Pilipinas. Ayon sa International League of Peoples' Struggle – Hong Kong and Macau, ang inilulunsad na ehersisyong militar ay malinaw na "interbensyong militar ng US sa Pilipinas at lumalapastangan sa pambansang soberanya" ng Pilipinas.

"Habang ang militar ng US ay binibigyan ng mahusay na pagtrato [ng gubyerno ni Marcos Jr], ang mamamayang Pilipino ay nagdurusa sa sumisirit na singilin sa kuryente at tubig, pagkawasak ng kalikasan, pagkaubos ng mga lupang maaring gamitin ng publiko at pang-agrikultural, napakamahal na mga buwis, at pagkasira ng kabuhayan," dagdag ng grupo.

Paliwang pa nila, “hindi makatutulong sa mamamayang Pilipino ang Balikatan. Ang pondong nakalaan para sa mga war game ay dapat ilaan na lamang para tugunan ang mahahalagang usapin tulad ng kagutuman at kahirapan, bumabagsak na serbisyong pangkalusugan at edukasyon.”

## Protesta para sa dagdag sahod, ikinasa sa Monumento

Abril 16, 2023

Naglunsad ng protesta ng iba’t ibang mga grupo ng mangggawa at ibang sektor sa Monumento sa Caloocan noong Abril 15 para igiit ang dagdag na sahod ng mga manggagawa at pagtatanggol sa kanilang mga karapatan.

Ayon sa Anakbayan South Caloocan, ang naganap na protesta ay bahagi ng “Payday Protest” at bahagi ng paghahanda para sa darating na protesta sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo Uno.

Nanawagan din ang grupo sa mga kabataan na “lumahok at makiisa ang mga pag-asa ng bayan sa mga manggagawa.” Liban dito, ipinaliwanag din ng grupo na ang mga kabataan din ang susunod na pagkukunan ng mga manggagawa ng bansa kaya dapat silang tumindig para sa dagdag sahod.

“Sa harap ng isang pambansang krisis sa ekonomya, ang mga manggagawa ay nananatili pa ring kontraktwal, walang benepisyo, at barat ang pasahod,” pahayag pa nito. Kumakaharap din

umano ang mga unyon at manggagawa ng pannaakot, red-tagging, pambubuwag at pagdakip.

## Tinanggal na mga empleyado ng BACIWA, nagprotesta sa Quezon City

Abril 16, 2023

Nagtungo sa upisina ng Civil Service Commission (CSC) sa Quezon City noong Abril 12 ang mga empleyado ng Bacolod City Water District (BACIWA) na iligal na sinisante para iprotesta ang mabagal na pag-usad ng kaso ng kanilang reinstatement o pagbabalik sa trabaho.

Tinanggal ang 59 empleyado ng BACIWA noong Disyembre 2020 matapos ang pribatisasyon at pagpirma sa joint venture agreement (JVA) sa pagitan ng Bacolod City Water District at ng Prime Water Incorporated na pag-aari ng pamilyang Villar noong Nobyembre 16, 2020. Inalis sila sa pwesto dahil sila diumano'y redundant o may iba nang gumagawa ng kanilang trabaho sa BACIWA.

Nauna nang naglabas ang CSC Region 6 ng atas na ibalik sa trabaho ang mga tinanggal na manggagawa. Gayunman, hindi pa rin ipinatutupad ng BACIWA ang naturang desisyon. Matapos nito, ang kanilang kaso ay dinala sa pambansang upisina ng CSC. Kasapi ng Bacolod City Water District Employees Union (BEU) ang naturang mga manggagawa.

Nanawagan si Leny Espina, pangulo ng BEU, sa komisyon na bigyang hustisya ang mga manggagawang tinanggal sa pagtataguyod sa naunang desisyon ng CSC Region 6 na ibalik sila.

## Mga sakahan sa Tarlac, kinakamkam ng AFP

Abril 17, 2023

Nagprotesta sa harap ng munisipyo ng Capas, Tarlac noong Abril 13 ang daan-daang residente mula sa mga barangay Santa Lucia at Lawy para igiit ang kanilang karapatan sa lupang binubungkal. Hiningi ng mga residenteng myembro ng Nagkakaisang Mamamayan ng Santa Lucia para sa Lupa, Kabuhayan, at Paninirahan na mamamagitan ang lokal na gubyerno para ipagtanggol ang kanilang komunidad laban sa pangangamkam ng lupa ng AFP.

Ayon sa samahan, ilang linggo nang pilit na sinisira ng mga sundalo mula sa Installation Management Battalion ang umaabot sa 20 ektaryang sakahan sa Brgy. Santa Lucia sa utos ng isang Lt. Col. Lazaro. Karugtong ang naturang lupa sa firing range ng mga sundalo. Sa kasalukuyan, itinayo ng mga sundalo ang isang firing range na 10-20 metro ang layo sa mga sakahan. Anila, dapat 1-2 kilometro dapat ang layo ng gayong mga pasilidad militar sa mga lugar na residensyal. Balak ng AFP na idaos ang ASEAN Rifle Meet sa 2024 sa kinakamkam na sakahan. Sa nakaraan, may isang kambing at kalabaw nang tinamaan at napatay. Mayroon na ring matandang nasugatan nang tamaan ang salamin ng simbahan

at tumalsik ang bubog nito. Magiging bahagi ng Camp O'Donell ang mga sakahan.

Pangamba ng mga residente, hindi lamang ang unang target na 8-10 ektarya ang kakamkamin ng mga sundalo kundi pati ang lupang kinatitirikan ng kabahayan. Sa huling ulat, umabot na sa 20 ektarya ang sinakop ng mga sundalo.

"Gusto namin pigilan, pero bata-batalyon po ang dinala nilang sundalo para pilit ituloy ang pagsira ng aming mga bukid at pananim," ayon sa isang apektadong magsasaka na saksi sa paninira sa bukid at pandarahas ng militar.

Sa isang ulat-bidyo na inilabas sa Facebook ng Focus GL at Altermidya, kitang-kita ang pagbuldoser ng dose-dosenang mga sundalo sa mga palayan ng mga magsasaka. Hinarang pa ng hanay ng mga sundalo ang mga magsasakang sumugod sa lugar. Makikita ring kinukunan ng mga sundalo ng bidyo ang mga magsasaka. May ilan pang animo'y mga panginoon na nakasakay sa buldoser habang pinanonood at binibidyuhan ang galit na galit na mga residente.

Tanong ng isang magsasaka sa isang sundalong nakatakip ang mukha, "anong ipapakain namin sa mga pamilya namin?" Deka-dekada na nilang binubungkal ang naturang lupa.

Panawagan nila sa lokal na gubyerno: itigil ang pangangamkam ng lupa, paninira ng mga pananim, bigyan ng kumpensasyon ang sinirang mga pananim at ari-arian at imbestigahan ang

mga paglabag ng mga sundalo sa karapatan ng mga residene.

## Pondo para sa pag-aayos ng mga klasrum, iginigiit ng mga guro

Abril 17, 2023

Kinilala ngayong araw ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang anunsyo ng Department of Education (DepEd) na hindi na magiging isang kumpetisyon ang taunang "Best Brigada Eskwela Implementers" na ginaganap tuwing magbubukas ang akademikong taon sa mga eskwelahan. Ayon sa mga guro, natulak ang DepEd na tumugon dito matapos ang maraming reklamo na napipilitan ang mga guro na mag-solicit ng pera para sa pangangailangan ng eskwelahan.

Kaugnay nito, iginiit ng ACT na dapat maglaan at magbigay ng pondo ang pambansang gubyerno para sa pagsasaayos at paghahanda ng mga klasrum para "tunay na hindi na maobliga" ang mga guro na humingi ng donasyon o gumastos mula sa sariling bulsa para sa mga klasrum tuwing bago magsimula ang klase."

Anila, kinikilala naman nila ang diwang "Bayanihan" na naghihikayat sa mga lokal na gubyerno at komunidad para paunlarin ang mga eskwelahan pero ang tungkulin ng pagbibigay ng edukasyon ay hindi dapat ipinapasa sa kanila. Dagdag pa ng grupo, "nagbabayad na sila ng buwis [sa gubyerno] para sa pagbibigay ng serbisyong panlipunan…kung hinihingian natin sila ng ambag, magkano ba ang ambag ng

pamahalaan para ihanda ang mga silid-aralan bago magpasukan?”

Ipinaliwanag ng ACT na ang kabuuang badyet ng DepEd para sa school maintenance and other operating expenses (MOOE) para sa 2023 ay ₱30.8 bilyon lamang. “Para sa halos 25 milyon na estudyante sa mga pampublikong eskwelahan ngayon, magsusuma lang na ₱1,232 kada estudyante para sa buong taon para tugunan ang maliliit lamang na pagpapaayos ng mga klasrum, kagamitan at suplay, kuryente at tubig, espesyal na pagtitipon at iba pang gastos…hindi na talaga iyan nakakaabot sa antas ng classroom dahil kulang na kulang pa para tustusan ang mga panlahatang gastos ng paaralan,” paliwanag ng ACT.

Sa kalagayang ito umano, ipinapasa ng DepEd ang responsibilidad para sa paghahanda ng mga klasrum sa mga magulang at guro. “Sa harap ng masidhing ekonomikong sitwasyon ng mga pamilya ng mga estudyante, napipilitan ang mga guro na gastusin ang kakarampot na nilang sweldo para maging maayos ang espasyo ng pagkatuto ng mga estudyante,” dagdag pa ng ACT.

Anila, ang hiling nila ay doblehin ang school MOOE para makaabot ang pondo sa antas classroom at hindi ma-obliga ang mga guro na manghingi sa iba o gumastos ng sariling pera.

## Ripleng armalayt, nakumpiska ng BHB-Masbate sa aset ng 2nd IB

Abril 17, 2023

Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate ang isang ripleng armalayt mula sa mga aset ng militar sa Sityo Pondol sa hangganan ng mga barangay ng San Carlos at Matagbac sa Milagros noong Abril 14. Ang mga aset ay imbwelto sa agresibong pang-aatake sa mga mamamayan ng ikalawang distrito ng prubinsya.

Ayon sa ulat ng BHB-Masbate, naunang nakatakdang ipataw ang kaparusahang kamatayan sa mga aset ng militar noong hapon ng Abril 14, ngunit dahil sa presensya ng mga sibilyan na kasabay nila sa motorsiklo, pinara na lamang sila at kinumpiskhan ng armas.

"Maagap na nabatid ng Hukbo na kasabay ng mga asset na nakasakay sa motorsiklo ang dalawang menor-de-edad at ilang mga sibilyan. Dahil pangunahin para sa NPA ang kapakanan ng mga sibilyan, ikinansela ng Hukbo ang kagyat na pagpataw ng parusang kamatayan at sa halip ay pinahinto na lamang ang mga target upang kumpiskahan ng armas..." pahayag ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB sa prubinsya.

Ang dalawa sa mga aset ay kinilala bilang sina Glenn Masamoc, isang elemento ng CAFGU, at si Ganga Dalanon. Kapwa sila responsable sa pagpatay sa sibilyang si Rodante Arizala noong 2022. Kasama din ng dalawa ang mag-asawang

sina Rina Verdida at Larry Quilantang na nagsisilbi ring ahente ng militar.

Ayon sa ulat ng mga Pulang mandirigma, habang kinukumpiska ang armas nila ay nanlaban si Dalanon at Masamoc at ginamit pang pananggalang ang mga kasama nilang sibilyan. Dulot nito, mabilis na kumilos ang mga mandirigma para tulungan ang mga sibilyan, laluna ang isang bata upang makatungo sila sa ligtas na kalagayan.

"Sang-ayon sa mga tuntunin ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa pagsisiyasat, pag-usig at pag-aresto sa mga ahente ng kaaway, kinailangang gumamit ang Hukbo ng pinahihintulutang dahas para sa kaligtasan ng lahat, laluna ng mga sibilyang ginawang cover ng mga naturang asset," paliwnag ni Ka Luz.

Dulot ng insidente, napatay si Dalanon habang nasugatan si Quilantang at Masamoc. Ayon pa sa yunit, "nasa mabuting kalagayan ang isang bata habang ang isang binata ay nagalusan matapos kasuklam-suklam na tangkaing ipahamak nina Dalanon at Masamoc."

## Tatlong armas, nakumpiska sa aset ng 62nd IB

Abril 17, 2023

Nakumpiska ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang tatlong mahihinang klase ng armas kay Jorge Javier, aset paniktik ng 62nd IB, sa isang operasyong

partisano noong Abril 16 sa Sityo Guibawan, Barangay Bucalan, Canlaon City, Negros Oriental. Napatay din sa naturang opersyon si Javier.

Nakuha sa kanya ang kalibre .45 na colt, isang kalibre .357 magnum, at isang KG-9 submachinegun, dalawang magasin, mga bala at iba pang kagamitang militar. Nakumpiska rin kay Javier ang kanyang ID bilang Barangay Intelligence Network (BIN) ng militar na mayroong source code number U6223MDBLF18III1974A032013.

[041723-npa-central-negros-3-1024x768]

[041723-npa-central-negros-1024x768]

[041723-npa-central-negros-1-1024x768]

[041723-npa-central-negros-5-1024x768]

[041723-npa-central-negros-4-1024x768]

Sangkot si Javier sa pagbibigay ng impormasyon at paniktik sa militar at pulis na nagresulta sa maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Siya ang nagturo sa kinaroroonan ng mag-inang sina Cristina Jacolbe, noo'y buntis, Everly Kee Jacolbe, 16 anyos,at magsasakang si Rodan Montero sa Guihulngan City na nagresulta sa pagmasaker ng 62nd IB sa kanila noong Hulyo 2022. Imbwelto din siya sa pagpatay kay Victor Baldonado noong Nobyembre 2022 at Orlando Fat noong Enero 2023 sa parehong bayan.

Iniulat din ng BHB-Central Negros ang regular na pag-uulat ni Javier sa mga militar at pulis sa

Canlaon PNP station at detatsment ng militar sa Barangay Budlasan.

## Estudyanteng tutol sa dagdag-matrikula at ROTC, ginigipit

Abril 18, 2023

Ginigipit ng administrasyon ng University of the East (UE)-Caloocan ang isang mag-aaral ng senior high school na kabilang sa mga estudyante na tumututol sa nakaambang 9.5% pagtataas ng matrikula at iba pang singilin sa unibersidad. Ayon sa ulat ng Rise for Education Alliance-UE Caloocan, sinampahan ang estudyante ng paglabag sa “handbook” ng unibersidad.

Kinundena ng grupo ang panggigipit sa naturang estudyante at pagkakaso sa kanya kaugnay ng “hindi awtorisadong pagdalo at/o paglulunsad ng mga pang-mag-aaral na aktibidad sa loob o labas ng kampus na salungat sa interest ng unibersidad.”

Ang pagkilos na nilahukan ng estudyante ay ang protesta sa UE Caloocan noong Marso 15 at 17 para ipabatid ang kanilang pagtutol sa nakaambang pagtaas ng matrikula.

Ayon sa grupo, ang kasong ito ay “paglabag…sa pangdemokratiko at akademikong karapatan ng mag-aaral… konstitusyonal na karapatan din natin bilang mga mamamayan ang magpahayag nang ligtas.”

Giit ng grupo, “ang hindi makatarungang panukalang 9.5% TOFI at Mandatory ROTC sa

[harap ng krisis sa ekonomya at edukasyon] ay magsisilbing dagdag pahirap sa mga kabataang mag-aaral sa UE."

Pahayag pa ng grupo, "ang krisis sa [UE] ay titindi lamang kapag pinabayaan natin ang pagtataas ng matrikula at ang mandatory ROTC na manatili, at kung hahayaan din natin na patahimikin tayo."

Ang pagtataas ng matrikula ng mga pribadong unibersidad at pamantasan ay pinahihintulutan ng Commission on Higher Education kung dadaan ito sa isang "konsultasyon" na administrasyon ng eskwelahan ang magtatakda. Sa Abril 28 ang huling araw para magsampa ng aplikasyon ang mga pribadong kolehiyo at unibersidad sa CHED para sa pagtaas ng matrikula.

Sa ibang unibersidad at pamantanasan, nakatakda ring magtaas ng matrikula. Kabilang dito ang Saint Louis Univ (9% pagtaas), Far Eastern university (3%, overall na pagtaas), at Ateneo de Naga (7% pagtaas).

## ₱26.9 milyon, nilustay sa pagpapasabog ng 5 Javelin misayl sa Balikatan 2023

Abril 18, 2023

Naglustay ang Gubyerno ng Pilipinas at ang imperyalistang US ng hindi bababa sa $537,500 o ₱26.875 milyon (sa palitan na $1=₱50) sa pagpapasabog ng limang misayl na Javelin noong Abril 13 sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija bilang bahagi ng ehersisyong militar na Balikatan 2023.

Ang Javelin Anti-Tank Weapon System o FGM-148 Javelin ay isang Antitank Guided Missile na gawa ng mga kumpanyang Raytheon at Lockheed Martin sa US.

Ang naturang misayl ay mayroong haba na 1.2 metro at may diametrong 127 milimetro. Kayang umabot ng pasasabugin na misayl nito sa layong 2.5 kilometro hanggang 4.5 kilomentro sa bilis na 140 metro kada segundo. Pangunahing dinisensyo ang armas na ito para pinsalaan ang mga heavily armored vehicle tulad ng mga tangke.

Ayon sa website na missilethreat.csis.org, kadalasang sinasabi na ang presyo ng Javelin ay $80,000 kada yunit, ngunit ayon sa kanila sa isinumiteng badyet ng P.B. Army noong 2022, lumalabas na $107,500 ang presyo nito kada yunit. Samantala ang presyo ng Javelin launcher ay tinatayang $176,000 bawat isa.

Isa ito sa mga armas na ipinamudmod ng US sa Ukraine para patuloy na sulsulan ang gera nito laban sa Russia.

Naglalaway ang AFP sa ganitong klase ng armas. Anila, pinaplano umano ng Pilipinas na kumuha ng mga Javelin sa ilalim ng “AFP modernization program Horizon 3” na nakatakda mula 2023 hanggang 2028.

## Mahigit 100, patay sa karumaldumal ng pambobomba sa Myanmar

Abril 19, 2023

Nasa 110 ang naitalang patay sa kahindik-hindik na pambobomba ng hunta militar ng Myanmar sa isang pagtitipon ng mamamayang Karen sa Pazi Gyi sa bayan ng Kantbalu, rehiyon ng Sagaing noong Abril 11. Sinundan ang pambobomba ng pang-iistraping ng helikopter na pangkombat, na nagdulot ng dagdag na mga kaswalti sa mga nagsumikap iligtas ang mga buhay pa. Lasog-lasog ang katawan ng mga biktima at marami sa kanila ang hindi na kayang kilalanin.

Kabilang sa mga namatay ang kababaihan at mga bata. Nakatipon noon ang mamamayan ng lugar para sa pagbubukas ng upisina ng lokal na administrasyon ng bayan. Ang rehiyon ay hindi saklaw ng hunta ng Myanmar kundi pinamamahalaan ng mamamayang Karen. Pinagsusupetsahan ng militar ng Myanmar na itinayo ng National Unity Government, ang kumakalabang gubyerno sa hunta, ang lokal na administrasyon.

Sa mga larawang inilabas ng The Irrawaddy, isang pahayagang nakabase sa Thailand, makikita ang sunog na mga katawan, gusali at sasakyan mula sa pambobomba. Ayon sa pahayagan, nagbakwit na lahat ng mga tao sa Pazi Gyi dahil sa pangyayari.

Mariing kinundena ng United Nations ang karumaldumal na krimen at nanawagan para sa proteksyon ng mga sibilyan, alinsunod sa internasyunal na makataong batas. Libu-libong sibilyan na ang pinatay ng hunta sa pagtatangka nitong supilin ang lumalakas na armadong paglaban ng mamamayan sa Myanmar, kasama ang iba’t ibang pambansang minorya sa bansa.

Ayon sa UN, maaaring ituring na mga krimen laban sa sangkatauhan at krimen sa digma ang brutalidad na ipinapataw ng hunta sa mga sibilyan.

Inamin ng hunta ang pambobomba at pilit pa nitong binigyan-katwiran ang krimen sa pagsasabing tinarget nito ang National Unity Government at ang People's Defense Force na binansagan nitong mga "terorista."

## Pagbansag na terorista sa konsultant ng NDF, kinundena

Abril 19, 2023

Kinundena ng National Democratic Front of the PHilippines ang pagparada at pagbansag na terorista sa isa sa mga konsultant nito sa usapang pangkapayapaan. Ito ay matapos ipinrisenta ng Philippine National Police si Eric Casilao sa midya at publiko habang inililipat sa kustodiya sa Ninoy Aquino International Airport noong Abril 17. Nadakip si Casilao habang tumatawid mula sa Malaysia tungong Thailand Abril 1.

Sa pahayag ni Juliet de Lima, interim na pinuno ng negotiating panel ng NDFP, sinabi niyang hindi dapat tinatawag ng mga awtoridad si Casilao na "terorista."

"(H)indi ito katanggap-tanggap," aniya. "(H)indi lamang ito labag sa batayang mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, ito rin ay walang kahiya-hiyang di makatao." Tinawag niya ang mga pulis bilang "tunay na terorista" na

nagpaparada ng kanilang mga nadakip sa publiko para ipahiya at kutyain tulad ng gawi sa “madidilim na panahon ng di sibilisadong kondukta.”

Karapatan ni Casilao na ipagpalagay na “inosente hanggang mapatunayang maysala” sa lahat ng mga alegasyon sa kanya, at may karapatan din siya sa abugado at iba pang batayang karapatang sibil ng mga sistemang sibilisado, ayon pa kay de Lima. Napapabilang si Casilao sa Reciprocal Working Committee on the Comprehensive Agreement on Socio Economic Reforms para sa Southern Mindanao.

Bago nito, nagpahayag ng matinding pagkabahala si dating Anakpawis Rep. Ariel Casilao, kapatid ni Eric, sa balitang idedeport ang kanyang kapatid nang walang abugado. Ilang oras matapos ianunsyo ng PNP ang press conference para “iharap” sa midya si Eric Casilao, nanawagan siya na tiyakin ang batayang mga karapatan ng kanyang kapatid.

Ayon sa dating kongresista, malamang ay nais maghanap ng political asylum ng kanyang kapatid. Si Eric Casilao ay dating upisyal ng grupo ng kabataan na Anak ng Bayan Partylist at tumakbo sa eleksyon noong 2004. Mula noon ay walang tigil na siyang ginigipit ng AFP/PNP.

Samantala, binweltahan din ng abugado ni Casilao na si Atty. Jobert Pahilga ang pagbansag sa kanyang kliyente bilang terorista.

“Hindi terorista ang aking kliyente,” aniya. “Matagal na siyang nakikibaka kasama ang mga magsasaka at lumad sa Mindanao laban sa malawakang mapaminsalang mga operasyon sa mina, ekspansyon ng mga plantasyon at palagiang kawalang lupa.”

Tulad ni de Lima, iginiit ni Pahilga na dapat sundin ang nararapat na proseso ng batas. “Hindi pa siya napapatunayang nagkasala sa mga krimen na sinabing ginawa niya. Anuman ang mga kasong isinampa laban sa kanya ay dapat mapatunayan sa korte matapos ang paglilitis, at matapos mabigyan siya ng pagkakataong marinig.”

Nabigyan si Pahilga ng pagkakataong makausap ang kanyang kliyente noon lamang Abril 18. Sa ngayon, nakadetine si Casilao sa Davao de Oro.

## SIMReg Law, hiniling na ipatigil sa Korte Suprema

Abril 19, 2023

Naghapag ng petisyon sa Korte Suprema ang grupo ng mamamahayag para ipatigil ang pagpapatupad ng SIM Card Registration Law na anila’y lumalabag sa karapatan ng mamamayan at sa gayon ay hindi naaayon sa Konstitusyong 1987. Isinampa noong Abril 17 ng mga myembro ng National Union of Journalists of the Philippines, Bagong Alyansang Makabayan, Bayan Muna, Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at iba pang grupo ang 59-pahinang petisyon. Kasama nila ang kanilang mga abugado mula sa Leflegis

Legal Services at National Union of Peoples' Lawyers.

Alinsunod sa petisyon, nililimitahan ng SIM Card registration ang karapatan sa malayang pagpapahayag at laban sa di rasonableng pagrerekisa at pagkuha ng personal na datos nang nang di dumadaan sa pagkuha ng isang search warrant. Pumapatungkol ito sa awtomatik na pag-transmit ng lahat ng datos na kinakalap sa SIM Card Registration sa mga ahensya ng gubyerno. Sa gayon, nilalabag din ng batas ang karapatan ng mga indibidwal sa due process o angkop na proseso.

Ayon mismo sa petisyon, "di konstitusyunal (ang SIM Registration Law) dahil nilalabag nito ang karapatan sa malayang pagpapahayag sa pamamagitan ng pagpapataw ng isang sistema ng prior restraint (paunang pagpigil); karapatan laban sa di rasonableng "search and seizure" at sa pribasiya sa komunikasyon sa pamamagitan ng panghihimasok sa rasonableng inaasahang pribasiya at iniikutan nito ang rekisito ng isang hudisyal na warrant; at sustantibong nararapat na proseso sa pamamagitan ng panghihimasok sa buhay, kalayaan at propyedad ng mga petisyuner."

Ang pagtangging ibigay ang impormasyon sa pwersahang pagpaparehistro ay magreresulta sa pilit na pagpapatahimik (enforced silence), dagdag ng mga petisyuner. Epektibo nitong ginagawang suspek ang bawat Pilipino.

Hiniling din ng mga petisyuner na itigil ng mga kumpanya sa telekomunikasyon at National Telecommunications Commsission ang “paggamit, pag-imbak, paglilipat at pagproseso sa lahat ng impormasyong nakalap na sa SIM register at burahin ang lahat ng datos na naipon nito.”

Dagdag na dahilan sa pagpapasuspinde ng batas ang mababang porsyento ng mga subscribers na nagparehistro sa kabila ng napipintong dedlayn nito sa Abril 26. Noong nakaraang linggo, nasa 41% pa lamang ng mahigit 160 milyong SIM ang nairehistro. Ibig sabihin, milyun-milyon ang mawawalan ng akses sa komunikasyon kung ipipilit ang pwersahang pagpaparehistro.

## Iglap-Protesta para sa ika-50 anibersaryo ng NDFP, inilunsad ng mga rebolusyonaryong grupo sa Kamaynilaan

Abril 20, 2023

Naglunsad ng iglap-protesta sa EDSA sa Cubao, Quezon City ang tinatayang 300 kasapi ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) bilang paggunita sa ika-50 anibersaryo ng NDFP noong Abril 17.

Kasamang lumahok sa protesta ang mga kasapi mula sa sektor ng kabataan, magsasaka, pambansang minorya, manggagawa, guro, at manggagawang pangkalusugan. Inilunsad ng mga grupo ang kanilang programa alas-8 ng umaga sa Cubao Rotonda.

“[Patuloy na] itinataguyod ng NDFP ang interes ng sambayanan para sa ganap na kapayapaan,” pahayag ng isang tagapagsalita ng programa.

Iginiit ng mga raliyista na tanging digmaang bayan ang makasasagot sa lumulubhang kahirapan sa bansa. Sa kabila ng pagpopustura ng estado sa unti-unting pagbango ng bansa mula sa dinalang krisis ng pandemya, kasalukuyang hinaharap ng masang mamamayan ang umiiigting na krisis pang-ekonomya, dagdag pa nag-uumpugang pwersa ng dalawang imperyalistang US at China.

Sa idinagdag na probisyon ng rehimeng Marcos Jr. sa kasunduang Enhanced Defense Cooperative Agreement (EDCA) sa pagitan ng bansa at US, pinangangambahan ang pagtatayo ng karagdagang base militar sa Hilagang Luzon at pagdating ng panibagong 12,000 tropang Amerikano sa bansa.

Gayundin ang patuloy na pagpapakatuta ng rehimeng Marcos Jr. sa China sa pananatiling kimi nito sa lumalalang agresyon ng dayuhang pwersa kaban sa lokal na mga mangingisda upang angkinin ang West Philippine Sea at mga rekurso nito.

“Ang NDFP ang alyansang nagbubuklod sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa, ito ang nagbibigay liwanag sa landas ng pakikibaka patungo sa maaliwalas na bukas” ani ng tagapagsalita. Sa pagtatapos ng programa, iginiit ng mga kasapi ang makatarungang

paghihimagsik, at patuloy na pagsulong sa digmaang bayan sa bansa.

## Magsasaka, pinatay ng 62nd IB sa Negros Occidental

Abril 22, 2023

Labag sa internasyunal na makataong batas na pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB ang magsasakang si Jose "Jojo" Albores Jr noong Abril 18 sa Sityo Upper Tiyos, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental. Pinalalabas ng mga sundalo na mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Albores at napatay sa isang "engkwentro."

Ayon sa ulat ng mga residente, pinaulanan ng bala ng isang platun ng tropa ng 62nd IB si Albores Jr sa kanyang bahay habang naghahanda ng tabako na ititinda niya sa Barangay Alingasaw. Nagdulot ng labis na takot at troma sa kanyang asawa, anak, at mga kabitbahay ang naturang insidente.

Hinihinalang tinarget ng militar si Albores Jr matapos niya samahan ang kapitbahay niyang magkapatid na Jeffrey at Jessel Gella noong Abril 8 sa istasyon ng pulis para magpa-blotter kaugnay ng pagransak sa bahay, pagtoryur at pananakit ng 62nd IB noong Abril 7.

Sa pahayag ng BHB-Central Negros, sinabi nitong kasinungalingan ang pinakakalat ng militar na mayroong engkwentro sa lugar. Inilinaw pa nito na "walang presensya ng BHB sa lugar."

Pinalalabas pa ng 62nd IB na nakakuha sila ng isang KG9, isang granada, mga subersibong dokumento at personal na gamit.

Iba pang pag-atake ng militar

Samantala, sapilitang pinasok ng mga sundalo ng 62nd IB ang bahay ng mga magsasaka sa Sityo Agogolo, Barangay Macagahay noong Abril 21. Pinalalayas ng mga sundalo ang mga magsasaka sa naturang lugar. Binantaan nila ang pamilya Ebarle na papatayin kung hindi sila lalayas sa lugar sa loob ng dalawang araw. Dulot nito, pwersahang lumikas ang ibang residente mula sa komunidad.

Sa Himamaylan City, nagpaputok ng M203 grenade launcher ang mga sundalo ng 94th IB sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista dahil mayroon umanong "presensya ng BHB" sa naturang lugar. Mula Abril 15 hanggang Abril 18 ay nag-operasyon ang tinatayang 70 sundalo at CAFGU sa naturang sityo.

Kasunod nito, sapilitang pinasok at hinalughog din ang bahay ni Joel Casusa. Liban dito, pinagbubunot ng mga sundalo ang 300 bagong tanim na gabi at higit 50 puno ng saging.

Sa Negros Oriental, sapilitang pinasok at hinalughog ng 62nd IB ang bahay ng pamilya Villegas sa Sityo Ban-ban Uno, Barangay Guba, Vallehermoso noong Abril 21. Inaresto rin sa serye ng panghahalughog ang 57-anyos na magsasakang si Lucricio Villegas. Dinala siya ng mga sundalo at

hanggang ngayon ay hindi pa natutunton ng pamilya.

Ang pag-atake sa mga sibilyan ay labag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: “Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin.”

## Pang-iistraping ng helikopter ng AFP sa Bayugan City, pinalalabas na “engkwentro”

Abril 22, 2023

Inistraping ng T-129 attack helicopter ang Sityo San Miguel, Barangay Pinagalaan, Bayugan City, Agusan del sur noong Abril 16 na pinalalabas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na isang “engkwentro” laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Agad itong pinasinungalingan ng yunit ng BHB sa lugar at sinabing walang engkwentro.

Ayon sa paunang ulat, gumamit ng kalibre .50 gatling massinggan ang AFP na nangratrat sa naturang sityo. Nagdulot ito ng labis na takot at troma sa mga residente ng komunidad.

Sa pagbabahagi ni Ka Sandara Sidlakan, tagapagsalita ng BHB sa katabing prubinsyang Surigao del Sur, “walang engkwentro sa lugar…

ngunit noong Abril 14 ay nakapaglunsad ng ambus ang BHB na nagresulta sa pagkamatay ng ilang tropa ng militar.” Kinukuha pa ang detalye ng naturang ambus.

Paliwanag pa ni Ka Sandara, “isang malaking kasinungalingan ang pinakakalat ng militar na mayroon silang nakumpiska na isang ripleng AK-47.”

Bukod dito, idiniin ni Ka Sandara na “hindi BHB ang tinatakot ng [pangraratrat ng AFP] kundi ang mga residente.”

Kinumpirma mismo ng mga residente at ng kapitan ng Barangay Pinagalaan na walang kaswalti sa lugar at naganap na engkwentro.

Ayon sa ulat ng 3rd Special Forces Battalion, tumagal ang pag-iikot ng helikopter ng isang oras. Tinatayang naglustay ang T-129 ng higit ₱150,000 sa isang oras na pagpapalipad nito. Pinakilos ng AFP ang Philippine Airforce 15th Strike Wing sa operasyong ito.

## ₱45/araw dagdag sahod, mga benepisyo, nakamit ng manggagawa ng Globesco

Abril 22, 2023

Nagtagumpay ang mga manggagawa ng Globesco, isang kumpanya na nagpapanupaktura ng pintura sa Quezon City, sa pangunguna ng unyon nilang Globesco Free Workers Union, sa pagkamit ng dagdag sahod at karagdagang mga benepisyo sa

Collective Bargaining Agreement (CBA) ng unyon at maneydsment noong Abril 18.

Ayon sa ulat ng Alliance of Nationalist and Genuine Labor Organizations – Kilusang Mayo Uno (ANGLO-KMU), pederasyong kinabibilangan ng unyon, nakamit sa negosasyon ang across-the-board na dagdag sahod na ₱45/araw kada taon. Aabot na ang abereyds na sahod ng mga manggagawa ng Globesco nang ₱850-₱900 kada araw.

Liban dito, nagkamit sila ng mga karagdagang benepisyo mula sa pakikipagnegosasyon. Makatatanggap ang mga manggagawa ng health card, ₱15,000 subsidyong bigas mula ₱10,000 kada manggagawa, dagdag na signing bonus, bayad na disaster leave, dagdag na bayad sa 13th month pay, separation pay, at retirement pay, karagdagang uniporme, dagdag na funeral and bereavement aid at payout sa mga namayapang manggagawa.

Naigiit din ng unyon ang karagdagang 12 araw na union leave mula 78 araw tungong 90 araw, dagdag sa Labor Day at Bonifacio Day assistance, karagdagang gamit sa upisina ng unyon, mga break at iba pang tagumpay.

Paliwanag ng ANGLO-KMU, "masaya man ang unyon sa napagtagumpayan nito, alam nito na may mas malaki pang laban sa labas ng pagawaan at marami pa ring tulad nila na hindi nakakatamasa ng nakakabuhay na sahod na ₱1,100/araw."

Naghahanda na rin ang unyon at ang pederasyon nitong ANGLO-KMU sa nalalapit na paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1.

## Konsultant ng NDFP sa Negros, sadyang pinatay

Abril 23, 2023

Buong kasinungalingang ibinalita ng 3rd ID noong Abril 22 ang diumano'y pagkapaslang ng kanilang tropa kay Rogelio Posadas sa "serye ng mga labanan" sa madaling araw ng Abril 20 sa pagitan ng 94th IB at "20-kataong tropa" ng Bagong Hukbong Bayan sa mga barangay ng Isabela, Negros Occidental. Konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa Negros si Posadas.

Isang malaking palabas ang salaysay na ito. Ayon sa mga residente ng mga barangay Camang-camang at Santol, walang naganap na mga engkwentro sa kanilang lugar. Bagkus, nasaksihan nila ang walang patumanggang pagpapaputok ng mga sundalo sa kung saan-saan, kabilang sa mga tubuhan at sementadong mga daan. May mga ulat pang lasing ang mga sundalong nagpapaputok na animo'y mga ekstra sa isang maaksyong pelikula. Wala ring engkwentro sa Sityo Cabite sa Barangay Santol kung saan lumapag pa ang isang helikopter. Nakunan ng mga residente ng bidyo at litrato ang ilan sa mga pangyayari dito.

Mula pa Abril 10 okupado ng militar ang nabanggit na mga barangay. Nakatayo ang mga tsekpoynt sa mga daan at sa gitna ng kabahayan

kung saan gabi-gabing nagkakaraoke at naglalasing ang mga sundalo. Noong nakaraang linggo, naiulat ang isang insidente ng walang patumanggang pagpapaulan ng bala sa Barangay Pallacon kung saan tinamaan ang isang kalabaw. Dahil sa pagdumog ng mga sundalo, isinuspinde ng isang araw ang klase sa ilang paaralan dito noong Abril 12.

Noong Abril 21, iniulat ng National Democratic Front (NDF)-Negros Island na posibleng dinukot ng mga ahente ng estado si Posadas habang papalabas sa kinordong mga barangay noong gabi ng Abril 19. Bumyahe si Posadas, kasama si Ka Mikmik sakay sa dalawang motorskilo mula sa Isabela nang alas-6 ng gabi. Hindi nakaabot sa patutunguhan si Posadas at kanyang kasama. Hindi rin nakauwi sa kanilang mga bahay ang dalawang drayber ng inarkilang motorsiklo.

Sa pahayag ni Ka Bayani Obrero, tagapagsalita ng NDF-Negros, sinabi na nitong may dahilan para paniwalaang dinukot ng militar si Posadas at ang kanyang tatlong kasama habang nasa daan. Sa araw na iyun, nanawagan siya sa militar na ilitaw si Posadas at talo pa at igalang ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng internasyunal na makataong batas.

Giit noon ni Obrero na dapat kilalanin ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas sina Posadas at ni Ka Mikmik bilang mga bihag ng digma sang-ayon sa mga kasunduang pinirmahan nito at ng NDFP na kumakatawan sa rebolusyonaryong kilusan, gayundin ang karapatan ng mga drayber bilang mga sibilyan. Marami nang pagkakataong

pinalalabas na napaslang sa mga pekeng engkwentro ang mga nadadakip na rebolusyonaryo para pagtakpan ang sadyang pagpaslang ng mga wala sa katayuang lumaban.

Mga sibilyang drayber

Kabi-kabila ang panawagan ng grupo sa karapatang-tao na September 21 Movement South Negros at mga kaanak ng dalawang drayber na inarkila nina Posadas na ilitaw ang mga ito. Kinilala ang dalawa bilang sina Renel Delos Santos, 21, at Denald Mialen, 18, kapwa residente ng Barangay Talaptap, La Castellana, Negros Occidental. Si Delos Santos ay mayroong asawa at isang anak na 10 buwan pa lamang.

Labis ang pag-aalala ng kanilang mga magulang sa dalawang drayber dahil ilang araw na ay hindi pa rin natutunton ang mga ito. Dumulog na ang mga kaanak ng dalawa sa mga lokal na midya para ipabatid ang pagkawala ng dalawa. Nag-ulat na rin sila sa mga pulis.

Paliwanag pa ng pamilya ni Delos Santos, pumayag silang maghatid sa nag-arkila dahil sa “pangangailangang pinansyal para makasustento sa pamilya kahit pa malayo ang kanilang pupuntahan.”

Libu-libo na ang nagkomento at nagpabatid ng pag-aalala sa pagkawala ng dalawa sa mga social media post ng kanilang mga kaanak.

Alinsunod sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng

GRP at NDFP, nakasaad sa Ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 niti: "Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin."

## Ika-50 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang sa Central Negros

Abril 24, 2023

Dalawang araw ipinagdiwang nga Bagong Hukbong Bayan-Leonardo Panaligan Command sa isang liblib na lugar sa larangang gerilya ang ika-50 Anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa gitna ng walang habas na mga pamamamaslang ng pasistang militar at operasyong militar sa larangan. Dinaluhan ng isang platun ng BHB at mga kasapi ng PKP sa larangang gerilya.

Sa unang araw ginanap ang kolektibong talakayan sa 12-puntong programa program ng NDFP. Kolektibo din pinag-aralan ang espesyal na isyu ng Ang Bayan tungkol sa kasaysayan at mga rebolusyonaryong kontribusyon nina Kasamang Benito Tiamzon (Ka Laan) at Wilma Austria (Ka Bagong-tao).

Sinalaysay ng mga kasama ang kanilang buhay at mga ambag sa rebolusyon. Nagkaisa din ang mga kasamang ibuhos nila ang kanilang sarili at buhay upang kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya na ipinaglalaban nina Ka Laan at Ka Bagong-tao. Ani pa ni Ka Jay, bagong Pulang

mandirigma ng BHB, taos puso kong i-aalay ang lahat ng natutunan at buhay sa tagumpay ng armadong rebolusyon."

"Pinatay man nila ang mga rebolusyonaryo, patuloy na maglalagablab ang apoy ng rebolusyon sa buong kapuluan," dagdag pa ni Ka Termo.

Kasabay nito, naglunsad ng operasyon pinta-dikit ang mga pangkat ng Kabataang Makabayan sa dalawang munisipalidad at isang syudad sa Negros Occidental at Negros Oriental. Bago pa man ang anibersaryo ng NDFP, pulang-pula ang mga pader sa mga nasabing lugar na humikayat sa mga mamamayan lalo na sa mga kabataan na mag-like, share and post sa social media.

Sa araw na ipinagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng NDFP, isang araw ding kolektibong nagtipon ang mga kasama sa pinal na programa. Humanay ang BHB at umawit ng Internasyunal. Nagbigay ng maikling talumpati ang platun kumander at instruktor sa pulitika ng platun matapos ang parangal kay Ka Joma, Ka Laan, Ka Bagong-tao at iba pang rebolusyonaryong martir.

Hinikayat din nila ang ang mga kasama na ipagpatuloy ang mga ambag at pakikibaka nina Ka Joma, Ka Laan at Ka Bagong-tao at iba pa. Muling naghanay ang BHB at isinagawa ang tahimik na 21-gun salute bilang pinakamataas na pagpupugay at pulang saludo sa lahat ng bayani at martir ng rebolusyong Pilipino.

## All Philippine Trade Unions, magmamartsa sa Mayo Uno

Abril 27, 2023

Naglunsad ng pagtitipon ang iba't ibang mga sentrong unyon at samahan sa ilalim ng All Philippine Trade Unions (APTU) noong Abril 26 para ianunsyo ang pagsasama-sama nila sa pagmartsa sa darating na Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1.

Ayon sa APTU, magmamartsa ang 10,000 manggagawa mula España patungo sa Mendiola sa Maynila para igiit ang pagtataas ng sahod, disenteng trabaho at karapatan sa malayang pag-uunyon.

Ang APTU ay binubuo ng Kilusang Mayo Uno (KMU), Nagkaisa! Labor Coalition, Trade Union Congress of the Philippines (TUCP), Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) at iba pang mga sentrong unyon at kumpedersasyon. Nabuo ito noong Enero kaugnay ng pagsusumite ng ulat ng Pilipinas sa ILO High Level Tripartite Mission sa kalagayan ng mga manggagawa sa bansa.

"Magmamartsa ang mga manggagawa sa Mayo 1 para itulak ang Malacañang na dinggin ang mga kahingian para sa inclusive roadmap (planong walang pinupwera) para makamit ang disenteng trabaho, at kagyat na aksyon sa panawagang dagdag sahod…Titiyakin naming maririnig ang sigaw ng manggagawang Pilipino saanman sa mundo," pahayag ni Elmer Labog, tagapangulo ng KMU.

“Hindi na makapaghihintay ang mga manggagawa at malinaw na nararapat na tratuhin ng tama ang mga manggagawa,” ayon kay Paul Gajes, Legislative Officer ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP).

Kasalukuyang nakabimbin sa iba’t ibang upisina ng mga Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPBs) ang mga petisyon ng mga unyon at manggagawa para sa pagtataas ng sahod sa kada rehiyon. Kasabay nito, mayroon ding isinusulong na iba’t ibang panukala para sa dagdag-sahod sa loob ng kongreso.

Binatikos din ng APTU ang patuloy na pag-iral ng kontraktwalisasyon sa bansa. “Milyung-milyon ang walang trabaho, at kung meron man, karamihan ay kontraktwal. Hamon natin sa gobyerno: ibasura ang Department Order 174, iwaksi ang kontraktwalisasyon, at igarantiya ang regular at ligtas na trabaho para sa lahat,” ayon kay Atty.Luke Espiritu, pangulo ng BMP.

Samantala, hustisya ang panawagan ng APTU sa patuloy na pagpatay sa mga unyonista at organisador at iba pang mga paglabag sa karapatan ng mga manggagawa. Sa isinumiteng ulat ng APTU sa ILO HLTPM noong Enero, hindi bababa sa 68 ang naitalang bilang ng mga manggagawang pinaslang na may kaugnayan sa kanilang pag-uunyon habang daan-daan ang kaso ng paglabag sa karapatan sa malayang asosasyon at iba pa.

Makikiisa rin sa pagkilos ang Women Workers' United, alyansa ng mga kababaihang unyonista na kasabay binuo ng APTU.

## Brutal na pagpaslang sa mga Tiamzon at Catbalogan 10, pinaiimbestigahan

Abril 27, 2023

Lumalakas ang panawagan ng mga demokratikong grupo, abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao na imbestigahan at isiwalat ang katotohanan tungkol sa brutal na pagpaslang ng Armed Forces of the Philippines kina Benito at Wilma Tiamzon (Ka Laan at Ka Bagong-tao) noong Agosto 21, 2022.

Kasama ng mga Tiamzon na pinatay ng AFP sina Ka Divino (Joel Arceo), kalihim ng isang subrehiyon sa Eastern Visayas at mga pwersang gerilya na kasama nila sa kanilang upisina na sina Ka Yen, Ka Jaja, Ka Matt, Ka Ash, Ka Delfin, Ka Lupe at Ka Butig. Sa panahon ng kanilang pagkapaslang, tumatayong tagapangulo ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral si Ka Laan habang pangkalahatang kalihim ng Partido si Ka Bagong-tao.

Kinumpirma ng pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Abril 20 ang brutal na pagpaslang ng AFP kina Ka Laan at Ka Bagong-tao, kasama sina Arceo. Ayon sa ulat ng Kawanihan sa Pulitika, lulan ang grupo nila Tiamzon ng dalawang inarkilang van at bumibiyahe sa direksyong silangan patungo sa

baybayin ng Catbalogan. Hindi sila nakaabot sa kanilang destinasyon.

Hinarang sila ng mga ahente ng militar sa pagitan ng alas-12 nang tanghali hanggang ala-una ng hapon. Huli silang nakontak sa selpon bago nito. Mula noon ay naputol na ang komunikasyon ng mga kasama sa kanila.

Anang PKP, may mga saksing nakakita sa mga bangkay ng mga Tiamzon at ibang kasama na may tanda na dumanas sila ng malalang tortyur, bago isinakay at pinalubog ang bangka noong umaga ng Agosto 22, 2022 sa karagatan sa pagitan ng Catbalogan at isla ng Taranganan upang burahin lahat ng ebidensya ng krimen.

Pinasisinungalingan ng ulat ng PKP ang unang mga ulat ng AFP na nagkaroon ng armadong engkwentro sa karagatan sa pagitan ng AFP at mga tauhan ng AFP, at ang diumano'y pagsabog ng bangka. Sa araw na iyon, may lumabas na impormasyong sa mga Facebook page ng mga sundalo ng AFP na "inaresto" ang mga Tiamzon.

Malalang paglabag sa internasyunal na makataong batas

Matapos isiwalat ang impormasyon ng pagkadakip, pagtortyur at pagpatay sa mga Tiamzon at Catbalogan 10, nagsalita ang iba't ibang grupo at indibidwal na kumundena sa krimen. Binatikos ni Kasamang Julie de Lima Sison, pansamantalang pinuno ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang ginawang pagpatay sa

mga Tiamzon na nagsilbing konsultant pangkapayapaan.

Kasama sa nananawagan para sa isang imbestigasyon ang grupong Karapatan at Bayan Muna.

Kabilang rin sa mga kumundena sa sadyang pagpatay sa tinaguriang Catbalogan 10 ang National Union of People’s Lawyers. Ayon sa pahayag nito noong Abril 21, malalalang paglabg sa internasyunal na makataong batas ang pagpaslang kina Ka Laan, Ka Bagong-tao at walo pa nilang kasama. Anito, kabilang ang mga Tiamzon sa kanilang mga kliyenteng konsultant sa usapang pangkapayapaan na pinaslang ng estado kahit hindi sila sangkot sa armadong sagupaan o malinaw na walang kakayahang depensahan ang kanilang mga sarili.

“Ang naiulat na manera ng pagpaslang, palatandaan ng tortyur sa mga bangkay ng di armadong mga sibilyan at sadyang pagtatakip sa pamamagitan ng pagpapasabog at paglubog ng isang “kaaway na barko” sa karagatan ng Catbalogan City, ay lahat nagpapatunay ng pagsagawa ng militar ng mga krimen sa digma,” pahayag ng grupo.

Inilalantad ng malalalang paglabag na ito ay ang kawalang hustisya sa kasalukuyang balangkas ng “kontra-terorismo” kung saan pinalalabo ang pagkakaiba ng armadong tunggalian sa terorismo, itinutulak ang arbitraryong pagbabansag ng mga kalahok sa matagalang armadong tunggalian bilang mga terorista, at nagpapahina sa mga

proteksyon sa mga hors de combat, prisoner of war at mga protektadong indibidwal na alinsunod sa mga batas ng digma.

Anang mga abugado, obligasyon ng estado na galangin at tiyakin na ginagalang ang internasyunal na makataong batas sa lahat ng pagkakataon, katulad ng nakasaad sa Geneva Conventions of 1949 at mga protokol nito, sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), at maging sa batas ng gubyerno ng Pilipinas na Philippine Act on Crimes Against International Humanitarian Law, Genocide and Other Crimes Against Humanity.

Binweltahan rin ng NUPL ang Legal Cooperation Cluster ng NTF-Elcac sa pahayag nito noong Abril 26 kung saan binansagang “CTG-affiliated” ang kanilang mga abugado. “Habang nagkakaiba tayo ng mga pananaw, opinyon at pusisyon, dapat magsumikap tayong maging sibilisado at patas sa ating mga propesyunal na gawain, gumamit lamang ng lenggawaheng may dignidad, iwasan ang mga patamang di angkop, at umiwas sa pagtaguyod ng di ligtas na mga sitwasyon sa anumang kalagayan, katulad ng itinatakda sa atin ng Code of Responsibility and Accountability at sa paggalang natin ng kapwa natin tao,” pagbatikos nila sa kanilang kapwa abugado sa NTF-Elcac.

Tinawag nilang “non sequitur” o walang lohika ang pahayag ng mga abugado ng ahensya na nagsabing nasa nananawagan ng imbestigasyon ang pagpapatunay ng krimen. Ayon sa NUPL, isinasapanganib ng NTF-Elcac Legal Cluster ang

buhay ng kapwa nila mga abugado at hinahadlang nito ang independyenteng pagpapatupad ng mga tungkulin sa abogasya.

## Pakanang pag-deactivate ng social media accounts ng di rehistradong SIM Card, binatikos

Abril 27, 2023

Mahigpit na binatikos ng Computer Professionals Union ang balak ng Department of Information, Communication and Technology (DICT) na dahan-dahang pag-deactivate ng mga social media account ng mga di pa nakarehistrong SIM Card. Pinalutang ang pakana matapos mapwersa ang gubyernong Marcos at mga kumpanya sa telekomunikasyon na palawigin ng 90 araw ang pwersahang SIM registration. Halos 60% ng mga subscriber ang hindi pa nagparehistro pagsapit ng dedlayn noong Abril 26.

“Pinagbabantaan ng DICT ang mga Pilipino para isuko nila ang kanilang personal na impormasyon o kung hindi ay mawawalan sila ng akses sa mga serbisyong telekomunikasyon,” pahayag ng CPU sa isang pahayag noong Abril 26. Ibinubunyag ng mga bantang ito ang pagiging kontra-mamamayan ng pwersahang SIM Card Registration, at ang tunay na layunin nitong magkulekta ng personal na impormasyon at hindi para “sugpuin” ang mga internet at text scam. Sadya nilang pinalalaki ang SIM Card registration bilang solusyon sa mga scam para lokohin ang publiko, anang grupo.

Inianunsyo noong Abril 26 mismo ang pagpapalawig ng dedlayn ng pwersahang pagpaparehistro. Isang araw bago nito, ibinasura ng Korte Suprema ang petisyon na patawan ng TRO o pansamantalang ipatigil ang batas sa harap ng malalalang paglabag nito sa karapatan sa pribasiya at nararapat na proseso.

Patuloy na iginigiit ng CPU at mga grupong demokratiko ang pagtutol nila sa SIM Registration Law at panawagan na ibasura ito.

“Kailangan na itong ibasura bago dumami pa ang personal na impormasyon na maisasapeligro dahil dito,” ayon sa CPU.

Noong Abril 21 at muli noong Abril 26, nagrali ang mga myembro ng Junk SIM Registration Network at mga alyado nito sa harap ng upisina ng DICT para muling igiit ang pagbabasura ng mapaniil na batas na nagkakait sa marami ng batayang serbisyong telekomunikasyon, at para kundenahin ang estado sa pananakot nito para pwersahin ang mamamayan na magparehistro.

## Unyonista sa industriya ng BPO, pinatay sa Bacolod City

Abril 27, 2023

Nanawagan ng hustisya ang grupong BPO Industry Employees Network (BIEN) Philippines sa pagpaslang sa unyonista at kasapi nitong si Alex Dolorosa sa Bacolod City. Natagpuan ang kanyang bangkay sa Villa Sto. Rosario, Barangay Alijis noong Abril 24.

Ayon sa BIEN Philippines, si Dolorsa ay isang paralegal at unyonista-organisdor ng balangay nito sa Bacolod City. Bahagi din siya ng Pambansang Konseho ng BIEN Philippines at susing tao sa pagbubuo nito sa Bacolod, ayon pa sa grupo.

Liban dito, siya ay aktibistang kabahagi ng BEGLAD, organisasyong nagtataguyod ng karapatan ng LGBT+ sa industriya ng BPO.

Ayon sa ulat ng pulis, posibleng pinatay si Dolorosa sa pagitan ng alas-12 ng hatinggabi hanggang alas-4 ng umaga ng Abril 24. Huling nakitang buhay si Dolorosa noong gabi ng Abril 23.

“Ang paraan ng pagpatay sa kanya ay sumasalamin sa kawalang pag-iral ng batas at walang-katapusang kultura ng kawalang pakundangan sa bansa,” pahayag ng grupo.

Pagdidiin nila, hindi maikakaila na mayroong kinalaman sa kanyang trabaho bilang paralegal ng BIEN at organisador nito ang pagpatay kay Dolorosa. Naging biktima na rin si Dolorosa sa nakaraan ng paulit-ulit na pagmamanman ng mga ahente ng estado.

“Ang pagpatay kay Dolorosa ay nagbibigay-diin sa panganib [sa aming trabaho] at ang gubyerno ay nananatiling bulag at bingi sa aming kalagayan sa paggawa,” dagdag pa ng BIEN Philippines.

Anila, dagdag ang mga bantang ito sa umiiral na red-tagging at paninira sa mga manggagawa ng mga pwersa ng estado. “Dalawa sa aming mga

pambansang kasapi ay kumakaharap ng gawa-gawang kaso, at ang aming mga organisdor at kasapi ay kumakaharap ng panggigipit at pananakot sa social media," paliwanag pa ng grupo.

Giit ng grupo, ang gusto lamang nila ay mag-organisa ng mga unyon sa industrya ng BPO, na anila ay "mistulang ayaw ng gubyernong gawin" nila.

Panawagan ng grupo sa gubyerno na tiyakin ang kaligtasan, seguridad at proteksyon ng lahat ng mga manggagawa sa BPO.

## 2 tagapagtanggol ng karapatan ng katutubo, dinukot ng militar

Abril 28, 2023

Pinaghihinalaang dinukot ng mga sundalo ang dalawang sibilyan sa Sityo Buol, Barangay Santa Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro noong Abril 24. Sa ulat ng grupong Karapatan-Southern Tagalog, tatlong araw nang hindi matunton ang kinaroroonan nina Mary Joyce Lizada at Arnulfo "Ompong" Aumentado, mga tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo at kasapi ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK). Hinahanap sila ngayon ng kanilang mga pamilya.

Ayon sa mga kaanak, ang dalawa ay nasa nabanggit na sityo para mag-imbestiga sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ng mga katutubong Mangyan.

Noong Oktubre 2022, kinanyon ng 23rd IBde ang Barangay Santa Teresita at kalapit na Barangay Waygan. Tinatayang higit 6,000 mamamayan, kabilang ang mga Mangyan, ang apektado ng insidente. Naitala rin ang mga kaso ng pambubugbog at iligal na pang-aaresto sa mga Mangyan ng 4th IB noong huling kwarto ng 2022.

“Bilang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at organisador ng katutubo, tumungo sa Mansalay, Oriental Mindoro sina Lizada at Aumentado upang mag-imbestiga. Nakumpirma nilang gaya ng mga paunang ulat, imbwelto ang 203rd IBde at 4th IB sa mga paglabag sa International Humanitarian Law (IHL), tulad ng panggigipit at walang pakundangang pambobomba sa mga katutubong pamayanan,” pahayag ng Karapatan-Southern Tagalog.

Ayon sa grupo, nangangamba ang pamilya at mga mahal sa buhay nina Lizada at Aumentado sa sinapit ng dalawa. Giit ng pamilya, “makauwi sana ang dalawa nang ligtas sa lalong madaling panahon dahil ang tanging hangarin lamang nila ay tumulong sa mga katutubo roon.”

Dumulog na sa lokal na gubyerno ng Mansalay, Commission on Human Rights, mga abugado, mamamahayag, at kapwa human rights defenders na imbestigahan at aksyunan ang pagkawala ng dalawang miyembro ng BALATIK ang Karapatan-Southern Tagalog.

## Pasaning buwis ng masang Pilipino, dadagdagan pa ni Marcos

Abril 28, 2023

Inianunsyo ng Department of Finance noong Abril 25 ang target nitong abuting ₱500 bilyong dagdag na rebenyu mula sa buwis simula 2025. Planong abutin ang target na ito sa pamamagitan ng pagpataw ng dagdag pang mga buwis sa masang Pilipino. Mula sa ₱3.73 trilyong ngayong taon, ang malilikom na buwis ay maaring umabot sa ₱6.62 trilyon sa 2028, ayon sa ahensya.

Kabilang sa mga bagong buwis na ipapataw ng nakaupong rehimen ang value added tax sa mga digital service provider tulad Netflix, IFlix at iba pang streaming services. Dagdag pa ang ipapataw na buwis sa mga single-use plastic (isahang-gamit na mga supot na plastik na ginagamit sa mga palengke at tindahan), alak at dagdag na buwis sa sweetened beverages (minatamis na inumin tulad ng mga powdered juice). Madadagdagan din ang motor vehicle road user tax at pagmimina. Umaasa ang estado na umabot sa ₱501.4 bilyon ang malilikom mula sa tatlong huling buwis.

Inaasahang aabot sa ₱297.8 bilyon ang malilikom na buwis sa matatamis na inumin at ₱151 bilyon mula sa road user’s tax. Nakatuon ang mga buwis na ito sa ordinaryong mamamayan at mga bumibyahe sa malalaking pribadong haywey sa Luzon. Kahit pa pinakamapangwasak sa kalikasan, pinakamaliit ang ipapataw na buwis sa malalaking dayuhan at lokal na kumpanya, kung saan ₱52.6

bilyon lamang ang inaasahang dagdag na malilikom mula sa pagmimina.

Dagdag dito, ipinanukala ng Bureau of Internal Revenue na patawan ng 1% buwis ang kalahati ng gross remittance ng maliliit na negosyanteng nagbebenta sa mga online platform tulad ng Shopee, Lazada at iba pa. Liban pa ito sa mga bayarin at porsyentong kinukuha ng mga naturang malalaking kumpanya sa bawat benta ng mga seller. Magkakaroon na rin ng buwis ang mga transaksyong pinansyal na elektroniko tulad ng GCash at iba pa. Dagdag din ito sa dati nang mga bayarin o service charge na ikinakaltas sa bawat transaksyon.

Samantala, umabot sa 17 proyekto na nagkakahalaga ng ₱414 bilyon ang binawasan ng rehimeng Marcos ng buwis alinsunod sa batas na CREATE. Sa ilalim ng batas, ibinaba ang buwis sa kita ng malalaking kumpanya mula 30% tungong 20%-25%. Mayorya, kundiman lahat ng kumpanyang ginawaran ng tax hreak ay dati nang may mga operasyon sa bansa. Taliwas ito sa pangako ng mga tagapaglako ng CREATE na hihila ang insentibang ito ng bagong dayuhang pamumuhunan. Kasama sa ginawaran ng insentiba ang tatlong kumpanya sa telekomunikasyon, mga lokal na kumpanya sa konstruksyon, imprastruktura at iba pa na pag-aari ng pinakamalalaking burgesya kumprador ng bansa.

## Sapat na produksyon, sagot sa napipintong kasalatan sa pandaigdigang suplay ng bigas

Abril 28, 2023

Napipinto ang kasalatan ng suplay ng bigas sa buong mundo ngayong 2023, ayon sa isang pananaliksik ng Fitch Solutions Country Risk & Industry Research na may petsang Abril 4. Sa taya ng Fitch, posibleng umabot sa 8.7 milyong tonelada ang kukulangin sa suplay. Huling nagkaroon ng malaking kakulangan sa suplay noong 2004.

Kabilang sa ibinigay na salik ng Fitch ang nagaganap na gera sa Ukraine at ang mabibigat na sangsyon ng US sa Russia, pati na ang mga pagbaha sa China, isa sa mayor na prodyuser ng palay sa buong mundo. Dahil dito, mananatiling mataas ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan hanggang 2024.

Ayon sa mga Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), dapat pagtuunan ng pansin ng DA ang pagbili ng lokal na palay para makamit ang self-sufficiency sa bigas, imbes na umasa ulit sa importasyon. Lalo itong nagiging kagyat sa harap ng napipintong kasalatan sa pandaigdigang pamilihan. Dagdag pa sa mga kailangang harapin ang El Nino na tinatayang magtatagal nang anim na buwan.

Ayon pa sa KMP, kailangang palakihin ng National Food Authority ang bolyum ng binibili nitong palay sa mga magsasaka hanggang 25% sa

kabuuang ani at itaas ang presyo ng pagbili nito tungong P20 at pataas. Anito, kayang punan ang kakulangan ng buffer stock ng NFA sa pamamagitan ng pagbili ng 520,00 metriko toneladang lokal na palay. Kasabay nito, kailangang ibasura ang Rice Liberalization Law na nagtatali sa suplay ng bigas sa Pilipinas sa pandaigdigang pamilihan.

Sa Pilipinas, mas mababa nang 18% ang naaning palay noong 2022 kumpara sa 2021 ayon sa estadistika ng reaksyunaryong estado. Ito ay dulot ng pagsirit ng gastos sa produksyon, kabilang ang pataba, at napakababang pagbili ng palay. Salik rin ang mga pagbaha na dulot ng papalakas at papadalas na bagyo.

Sa kasalukuyan, may sapat na suplay ang bansa hanggang Hulyo, ayon sa datos na nakalap ng Samahang Industriya ng Agrikultura. Bago nito, nasa 16.4 milyong toneladang palay lamang ang naani noong 2022. Dagdag dito ang 3.8 milyong tonelada na inimport na bigas. Sa bilang na ito, 1.765 milyong tonelada lamang ang natirang “buffer stock” para sa 2023. Sapat lamang ito para sa 48 araw na pangangailangan ng buong bansa. Sa ulat naman ng DA, mayroong sapat na suplay ang bansa para sa 51 araw. Mas mababa ito kumpara sa abereyds na buffer stock na sapat para sa 80 hanggang 100 araw (3 buwan) noong katapusan ng Marso.

## Tanggalan ng manggagawa sa San Miguel sa Pampanga, binatikos

Abril 28, 2023

Nagpiket ang mga manggagawa ng San Miguel Integrated Logistics Services, Inc. (SMILSI) sa San Fernando, Pampanga noong Abril 24 para iprotesta ang hindi makatarungang tanggalan sa trabaho na isinasagawa ng kumpanya. Ayon sa ulat, hindi bababa sa 81 nang regular na manggagawa ang tinanggal nitong buwan.

Binatikos ng SMILSI Workers Union (SMILSIWU) ang pagtanggal sa mga manggagawa na kalakhan ay mga forklift operator sa nasabing planta. Anila, bigla na lamang hinarang ang naturang mga manggagawa at hindi na pinapasok sa pagawaan simula Abril 1. Pagdadahilan ng maneydsment, tapos na ang kontrata ng SMLSI sa San Miguel San Fernando Brewery. Anang unyon, nais lamang ng kumpanya na magbawas ng mga regular na manggagawa. Ito ay dahil napag-alaman ng unyon na tusong tumanggap ng mga kontraktwal na manggagawa ang kumpanya para saluhin ang mga trabaho ng mga tinanggal na manggagawa.

Ayon sa unyon, paghahanda ito ng kumpanya sa nalalapit na pakikipagnegosasyon para sa collective bargaining agreement. Iginigiit ng unyon ang mas nakabubuhay na sahod, benepisyo, at seguridad sa paggawa.

“Humihingi lang kami ng barya para magkaroon kami ng seguridad sa trabaho pero walang binigay na maayos ang management sa amin. Ito, tanggalan pa, pahirapan pa kaya masakit ang loob naming mga manggagawa,” pahayag ni Ramil Dumaliang, pangulo ng unyon ng SMILSIWU.

Sa balita ng isang lokal na alternatibong midya, nasa ₱460-495 lamang ang sahod ng mga nakapanayam nilang mga forklift operator. Lubhang hindi nakabubuhay at nakasasapat kahit pa bahagyang mas mataas ito kaysa takdang ₱460 minimum na sahod.

"Nakikiisa ang iba pang mga manggagawa sa Gitnang Luzon sa pagtindig ng mga manggagawa ng SMILSI para labanan ang malawakang tanggalan ng mga regular na manggagawa, na sa esensya ay pagbubuwag ng unyon at lakas ng mga manggagawang ilaban ang kanilang mga batayang karapatan, kabilang ang karapatan sa nakabubuhay na sahod," pahayag ni Eduard Ellorenco, tagapagsalita ng WAR III.

Ayon sa ulat, ito ang pangalawang piket na isinagawa ng mga manggagawa ng SMILSIWU at inaasahang magpapatuloy para sa pagtindig sa kanilang karapatan.

## Walang patid na war games ng US sa Pilipinas, binatikos

Abril 28, 2023

Nagpiket ang 100 katao mula sa iba't ibang pambansa-demokratikong organisasyon sa harap ng embahada ng US kahapon, Abril 27, matapos ianunsyo ang pagsisimula ng isa na namang "pagsasanay militar" sa pagitan ng US at Pilipinas. Gaganapin ito sa Clark Airbase sa Pampanga at magtatagal hanggang Mayo 12.

Sisimulan sa Mayo 1, dalawang araw lamang matapos ang Balikatan noong Abril at Salakbnib noong Marso, ang "war game" na Cope Thunder na lalahukan ng mga hukbong panghihimpapawid ng dalawang bansa. Dadaluhan ito ng 160 elemento ng US Airforce na magdadala ng 12 F-16 eroplanong pandigma. Inaasahan ding gagamitin ang mga FA-50 ng Philippine Airforce sa naturang war games. Huling nagkaroon ng katulad na war game noong 1990,

Tinawag ng Bagong Alyansang Makabayan bilang "summer slam of subservience" para batikos sa sobrang pangangayupapa ni Ferdinand Marcos Jr at lantarang pagpapakita ng imperyalistang arogansya ng US ang pagsasagawa ng tatlong magkakasunod na malakihang war game sa bansa.

"Ang mahal, perwisyo at mapang-upat na mga war game ay maaring maging permanente oras na ianunsyo ni Marcos at ng presidente ng US na si Joseph Biden ang isang pinasaklaw na kaayusang paneguridad sa pagpupulong nila sa Mayo 1," babala ng Bayan. Sa aktwal, tinatrato ng US bilang playground o pook-laruan ang Pilipinas para sa mga weapons of mass destruction nito (armas ng maramihang pagpuksa), ayon sa grupo.

Kinutya nito ang rehimeng Marcos Jr sa pamimilit nitong ilusot ang Balikatan bilang paghahanda para sa sakuna. "Ang maitim na layunin nito ay isulong ang hegemony at interes ng imperyalismong US."

Nanawagan ang Bayan, kasama ang iba pang demokratikong organisasyon, sa lahat ng mga

patriyotikong Pilipino na itakwil ang pangangayupapa ng rehimeng Marcos at labanan ang nagpapatuloy ang interbensyong militar ng imperyalismong US sa bansa.

## 62.4 ektaryang lupa, nakamit ng mga magsasaka ng Tinang

Abril 29, 2023

Matapos igiit ng mga magsasaka, naglabas ng atas ang Department of Agrarian Reform (DAR) noong Abril 26 para ipamahagi na ang 62.3 ektaryang lupa sa 90 magsasaka bilang agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa Hacienda Tinang sa Concepcion, Tarlac. Ayon sa grupong Malayang Kilusang Samahang Magsasaka ng Tinang (MAKISAMA-Tinang), “walang karapatan ang nakakamit nang hindi ipinaglalaban!”

Ayon sa Makisama-Tinang, “ang laban sa lupa ay ipinapanalo hindi lamang ng laban sa papel sa mga ahensya at mga korte kundi higit lalo ipinapanalo sa piketline, sa sama-samang pagkilos ng mga magsasaka, sa pagtataguyod ng bungkalan.”

Nagbigay-pugay ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) ang Makisama-Tinang sa naging tagumpay ng kanilang laban. Ang atas ng DAR ay nagpapatunay umano ng pagkilala sa mga kasapi ng Makisama-Tinang bilang mga lehitimong benepisyaryo ng reporma sa agraryo. Ani ni Ariel ‘Ka Ayik’ Casilao, tumatayong tagapangulo ng UMA, “umaasa kaming padadaliin

ng DAR ang proseso ng segregasyon para ma-install na ang mga benepisyaryo ng lupa."

Nanawagan din ang UMA at Makisama-Tinang na ibasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa Tinang 83, mga magsasaka at tagasuportang inaresto at sinampahan ng kaso matapos maglunsad ng bungkalan noong Hunyo 9.

Paliwanag pa ng UMA, patunay ang paggigiit ng Makisama-Tinang sa kanilang lakas at magsisilbing inspirasyon sa mga magsasaka sa buong bansa para makibaka laban sa monopolyo sa lupa at pangangamkam ng mga panginoong maylupa at korporasyon.

Ang kaso ng Hacienda Tinang

Ang Hacienda Tinang ay binubuo ng 1,200 ektaryang tubuhan na orihinal na pag-aari ng pamilyang Aquino. Ang 200 ektaryang lupa na bahagi nito, na dapat ay ipailalim sa reporma sa lupa, ay ibinenta ng pamilya sa isang pribadong kumpanya. Ibinenta ng naturang kumpanya ang lupa pabalik sa Department of Agrarian Reform (DAR). Noong September 26, 1995, naglabas ang ahensya ng listahan ng 236 na magiging benepisyaryo ng lupa ng asyenda.

Ayon sa Makisama-Tinang, 22 taong sadyang inilihim ng pamilyang Villanueva ang mga papeles na nagsasaad na kolektibong pagmamay-ari ng mga magsasaka sa lupa. Taong 2016 na nalaman ng mga magsasaka na benepisyaryo sila ng asyenda. Sa taon ding iyon, nagpetisyon sila sa DAR para ayusin ang paghahati ng lupa sa mga

benepisyaryo. Naglabas ang ahensya ng pinal na kautusan noong 2018 at 2019.

Naipagkait ng mga Villanueva sa mga magsasaka ang kanilang karapatan sa lupa dahil hawak nito ang lokal na konseho sa barangay. Noong 1995, kapitan ng Barangay Tinang si Vernon Villanueva. Bilang kapitan, makapangyarihang myembro siya ng Barangay Agrarian Reform Council na nagtitiyak sa listahan ng mga benepisyaryo. Ang kanyang kapatid na si Jojo ang namamahala ng kooperatiba ng mga magsasaka na bahagi ng 200-ektaryang naisailalim sa Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP. Sa ngayon, kapitan ng barangay Tinang ang anak niyang si Norman Villanueva habang siya ay nakaupong konsehal ng Concepcion.

Ayon sa Makisama-Tinang, malaki ang papel ng mga Villanueva sa pagpigil sa kanilang pagbawi sa lupa laluna matapos manalong meyor sa nagdaang eleksyon ang kapatid nilang si Noel Villanueva.

Nagtataka rin ang mga magbubukid kung bakit kahit may pinal nang kautusan ay pinayagan pa rin ng DAR na magpetisyon ang kooperatibang pinatatakbo ng mga Villanueva noong Abril 2021. Dahil dito, muling isinalang sa balidasyon ang listahan ng mga benepisyaryo.

Simula noong Hunyo 2022 ay muling inilunsad ng Makisama-Tinang ang kanilang kampanya para matamo ang lupa na para sa kanila.

## AFP, humingi ng dagdag na baseng EDCA para sa "proteksyon"

Abril 29, 2023

Kinumpirma kahapon, Abril 28, ng tagapagsalita ng Armed Forces of the Philippines ang planong dagdagan pa ang siyam nang "lokasyong EDCA" o mga base militar ng US sa bansa.

Sa isang panayam, binigyang-katwiran ito ni Col. Medel Aguilar, tagapagsalita ng AFP, sa pagsasabing kailangan ng Pilipinas ng "360-degree" o lahatang-panig na proteksyon. Kabalintunaang panawagan ni Aguilar ang pagsandig sa isang dayuhang armadong pwersa para "protektahan ang soberanya" at integridad ng teritoryo at mga rekursong pandagat ng Pilipinas. Taliwas ito sa naunang iginiit ng mga upisyal ng AFP na "hindi nakatuon sa anumang bansa" ang mga baseng EDCA.

Di sadyang inamin ni Aguilar na hanggang "rekomendasyon" lamang ang Pilipinas. Aniya, ang pagpili ng mga lokasyon ay "rekomendasyon" na "nanggagaling sa (AFP)." Tugon ito sa obserbasyong lumabas sa isang pagdinig sa Senado kung saan kinwestyon ang mga lokasyon na animo'y "random" (hindi sistematiko) at di naayon sa programang modernisasyon ng AFP.

Tahasang nagsinungaling si Aguilar sa pagsabing sa kadulu-duluhan, "mapakikinabangan" ng mga tropang Pilipino ang mga pasilidad sa mga baseng ito. Sa ilalim ng EDCA, may ekstrateritoryal na

karapatan ang US sa mga baseng militar na ito, at walang awtoridad dito ang estadong Pilipino.

Bago pa nito, sinabi na ni Ferdinand Marcos Jr na magkakaroon ng gayong mga base “all over” o sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas. Sa ngayon, nakasentro ang pinakamaraming base sa Northern Luzon, kasunod sa Palawan. Tig-isa ang nasa Cebu at Cagayan de Oro. Dati nang permanenteng nakabase ang US sa Western Mindanao. Anim sa “18 proyekto” sa unang limang base militar ang sinsasabing matatapos ngayong 2023.

“Protectorate” ng US

Samantala, binatikos ng Bagong ALyansang Makabayan ang napipintong pakikipagpulong ni Ferdinand Marcos Jr kay US Pres. Joseph Biden sa Mayo 1. Ang pagpupulong ay “muling pagpapatibay sa lubos na di pantay na ugnayan sa pagitan ng dalawang bansa” at ang mababang katayuan ng Pilipinas sa relasyong ito.

“Isa itong muling pagpapatibay ng katayuan ng Pilipinas bilang neokolonya at military outpost ng US sa Asia,” ayon sa pahayag nito noong Abril 22. Batid ng grupo na iaanunsyo sa pagpupulong na ito ang bagong US-Philippines Bilateral Guidelines na sikretong isinalang sa negosasyon at sinasabing “upgrade” ng Mutual Defense Treaty. Kabilang sa itinutulak ng US ang permanenteng presensya ng mga armas at tropa nito sa Pilipinas. Lalo nitong patitingkarin ang katangian ng Pilipinas bilang “protectorate” (isang bansang nakapailalim o kinokontrol) ng US.

Sa gayon, walang dapat ipagdiwang sa paparating na pulong sa pagitan ni Biden at Marcos," ayon sa grupo. Ilalatag sa pulong na ito ang mga kundisyon para higit pang masangkot ang Pilipinas sa mga gera ng US sa labas ng bansa.

Sa kasaysayan, isa si Biden sa pinakahayok sa gera ng upisyal ng US. Nagsilbi siya sa makapangyarihang komite sa depensa sa Senado ng US noong sinalakay ng US ang Iraq sa maagang bahagi ng dekada 2000. Sangkot siya sa mga napakaraming agresyong militar sa iba't ibang bahagi ng bansa sa ngalan ng "gera kontra-terorismo." Bilang bise-presidente noon ni Barrack Obama, katuwang siya sa pagsasagawa ng maraming ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga pinaghihinalaang mga terorista at kasama nilang mga sibilyan sa Afghanistan at Pakistan.

Bago pa ang pagbisita ng Marcos, nasa US na ang ilang mambabatas para makipag-areglo sa mga mambabatas sa US. Pinangunahan sila ni House Speaker Martin Romualdez, pinsan ni Marcos at palagiang kasama sa mga paglalamyerda sa ibang bansa. Isa sa kausap ni Romualdez si Kevin McCarthy, House Speaker ng US Congress. Isa si McCarthy sa pinakamaingay at aktibong tagapagtulak ng interbensyunistang patakaran ng US sa Taiwan. Noong nakaraang buwan, nakipagpulong siya kay Prime Minister ng Taiwan na si Tsai Ing-wen habang nasa US para talakayin ang "independensya" ng bansa mula sa China.

## Agresibong aksyon ng Chinese Coast Guard sa Ayungin Shoal, binatikos

Abril 29, 2023

Binatikos ng pambansa-demokratikong grupo na Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang naiulat na agresibong aksyon ng Chinese Coast Guard laban sa BRP Malapascua, barkong Pilipino, na papunta sa Ayungin Shoal. Ayon sa grupo, "walang kahit anong karapatan ang China na harangin ang akses ng Pilipinas sa sarili nitong exclusive economic zone (EEZ)", kung saan bahagi ang Ayungin, at maging sa Kalayaan Island Group (KIG), Scarborough Shoal at iba pang katubigan at lamang-dagat nito.

Ayon sa ulat ng gubyerno ng Pilipinas, "pinatigil" ng mga sasakyang pandagat ng Chinese Coast Guard ang mga barkong Pilipino na naglulunsad ng patrolya sa teritoryong pandagat at EEZ ng Pilipinas noong April 23. Tinawag ito ng gubyerno bilang "agresibong mga taktika" laban sa mga barkong Pilipino. Sa ulat, lumapit ang Chinese Coast Guard sa layo na 50 yarda sa BRP Malapascua na halos "mabunggo" na ito. Naitala rin umano ang katulad na insidente noong Abril 19.

Giit ng Bayan, ang sinasabi ng China na "hindi mapasusubaliang soberanya" nito sa naturang mga erya ay matagal at paulit-ulit nang nailantad na walang ligal, moral at makasaysayang mga batayan. Diin ng Bayan, ang "walang batayang panteritoryong pagigiit ng China ay hindi lamang nagpapaigting sa gitgitan ng dalawang bansa…

ginagamit din itong pangangatwiran para sa lumalaking presensyang militar sa rehiyon ng katunggali nitong malaking kapangyarihan, ang USA.”

“Ang militarisasyon ng South China Sea ay hindi nagsisilbi sa mamamayang Chinese at Pilipino, as sa gitna ng pang-uupat ng US laluna sa Asia Pacific, ay naghahatid ng posibilidad ng gera na hindi gusto, pareho ng mga Chinese, Pilipino at mamamayang Amerikano,” paliwanag pa nito.

Dagdag ng grupo, ang ginagwang pangkakaya ng China ay nagpapatunay lamang na isa itong imperyalistang bansa, taliwas sa pagdadamit-sosyalista.

Sa huli, pinagtibay ng Bayan ang posisyon nito na dapat igiit sa mga bansa at gubyerno ang “de-eskalasyon ng tunggalian at demilitarisasyon sa South China Sea, pagpapaalis sa lahat ng dayuhang tropa at sasakyang militar sa West Philippine Sea.” Dapat palakasin ang pagmaksimisa sa solusyong pulitikal at diplomtatiko para maresolba ang mga tunggalian sa erya, anito.

## Paggunita sa ika-50 Anibersaryo ng NDFP, idinaos sa Australia

Abril 29, 2023

Nagtipon ang iba’t-ibang pang-masang rebolusyonaryong organisasyon ng migranteng Pilipino mula sa Compatriots, Kabataang Makabayan (KM) at Christians for National

Liberation (CNL), mga organisasyong nakapaloob sa NDFP, kasama ang masa at mga kinatawan ng mga solidarity groups, para sa pagdiriwang at paggunita ng ika-50 anibersaryo ng pagkakatatag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Idinaos ito sa tatlong lugar sa Australia na may di bababa sa 80 katao.

Layunin ng mga rebolusyonaryong migrante sa Australia na ipakilala sa mga kapwa migranteng Pilipino at manggagawa sa Australia ang 12-Puntong Programa na isinusulong ng pambansa-demokratikong kilusan na pinagkakaisa sa NDFP at ipaliwanag ang kahalagahan ng isinusulong na rebousyonaryong pakikibaka at bakit ito ay wasto at makatarungan.

Sa pagitan ng mga pangkulturang pagtatanghal at mensahe ng pakikiisa mula sa hanay ng mga kaibigan sa mga grupong nakikiisa, tinalakay rin ang pag-iral dalawang gubyerno sa Pilipinas, ang estado ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at ang demokratikong gubyernong bayan na umiiral sa mga rebolusyonaryong erya sa kanayunan.

Binigyang pagpupugay din ang buhay nina Kasamang Benito at Wilma Tiamzon, Ka Joma Sison, bilang mga katangi-tanging rebolusyonaryo na nag-alay ng kanilang buhay para sa sambayanang Pilipino at para sa pambansang demokrasya na may sosyalistang perpektiba.

Nagtapos ang mga pagdiriwang sa malalakas na sigaw ng “VIVA CPP-NPA-NDF!,” at iba pang panawagan. Habang papalabas sa mga kalye

upang ipamalas ang mga iglap na pagkilos bitbit ang mga bandila at mga streamers.

Sumusunod ang talumpati na ibinigay ng isa sa mga kasama sa pagtatapos ng programa:

“Una sa lahat, pinasasalamatan natin ang bawat isa sa pagdalo sa napakahalagang okasyon na ito. Alam nating lahat, sa araw na ito ng ika-limampung taong pagkakatatag ng NDFP ay ipinagdiriwang ng lahat ng mga rebolusyunaryong pilipino, kasama ng mga kaibigan, pamilya at mga tagasuporta sa buong mundo. Nasaksihan natin na sapol sa kanyang pagkakatatag ang NDFP ay nagsilbi hindi lamang bilang balangkas kundi bilang pinakasolidong bahagi ng nagkakaisang prente sa paglaban para sa pagkakamit ng pambansang kalayaan at demokrasya.

Ang 12-puntong programa nito ay nagbigay pag-asa at buhay sa paglutas ng ilang dekada ng pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng kontrol at dominasyon ng imperyalistang US sa bansa at mga kakutsaba nitong mga lokal na naghaharing uri ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador. Habang ang NDFP ay lahatang panig na nagpupursigeng harapin ang mga ugat ng sakit ng lipunang Pilipino sa iba’t ibang larangan, maging sa pagpasok sa pakikipag negosasyong pangkapayapaan, ang reaksyunaryong gubyerno naman ay abala sa pagsupil at pagtatrabaho upang maisama o mailista ang NDFP at mga organisayon nito bilang mga teroristang organisasyon. Hindi naman ito nakapagtataka

dahil iyan talaga ang katangian ng kaaway ng bayan.

Ang malungkot na balita ng pagkakapaslang kina kasamang Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon, kasama ng walong iba pang mga kasama ay dumating sa gitna ng tayo ay naghahanda para sa pagdiriwang sa okasyong ito. Tayong lahat ay nalungkot, nagalit, nagulantang.

Paano na ngayon?

Marahil ang katanungang ito ay pumasok sa mga isipan ng ilan sa hanay natin. Mga tanong sa sarili na sa tuwina ay iglap na dumarating sa may mga ganitong sitwasyon. Ngunit hindi maglalaon ay mabilis namang mananaig ang diwa at aral ng ating kasaysayan at karanasan ng pagsulong mula pa noong ang pambansa-demokratikong kilusan ay maliit at mahina pa lamang. Ang mga puwersa at martir ng kilusan ay dumarating at pumapanaw. Oo, tayo ay nagluluksa sa pagkawala nila, at ang mundo ay dapat nga ding magluksa dahil hindi lamang ang sambayanang Pilipino ang nawalan ng mabubuting anak. Subalit kaalinsabay nito, silang mga martir ng bayan ay tuloy-tuloy na nagbibigay sa atin ng inspirasyon at lakas mula sa halimbawa ng kanilang buhay. Isang buhay ng walang kundisyong pag-aalay at paglilingkod para sa bayan.

Sa kabilang banda, ano naman ang kahulugan nito sa kaaway ng mamamayan?

Ang supilin at gapiin ang lumalabang sambayanan ay malaon nang inaasam at pinakamimithing

makamit ng naghaharing uri at amo nitong imperyalismong US. Subalit hindi nila maitatatwang habang tinatahak nila ang ganitong landas ay lalo nagiging kumplikado para sa kanila na kamtin ang obsesyon nilang ito. Kaya naman paikot-ikot lang sila sa paglulunsad ng terorismo ng estado laban sa kilusan at mamamayan na siya ring lumilikha ng kundisyon sa paglaban ng mamamayan.

Ang pambansa-demokratikong kilusan ay hindi magagapi dahil kinakatawan nito ang kabuuang aspirasyon ng sambayanan na nakasaad sa 12-puntong programa ng NDFP. Higit sa lahat ito ay hindi kilusan ng mga lider at kadre ng Partido lamang, ito ay isang kilusang masa. Isang uri ng kilusan na hindi natutuyuan ng pwersa at lakas.

Kagabi, sa isang online forum na nadaluhan ko ng ilang minuto lamang dahil naubos na ang baterya ng selpon ko habang nagmamaneho pauwi, narinig ko ang tugon ng isa sa mga ispiker kaugnay sa isang tanong ng isa sa mga dumalo rito.

Sa anumang kalagayan at sitwasyon, hindi tayo dapat tumigil sa pag-iisip at pagpupursige sa pagpapalakas ng ating sarili at sa pambansa-demokratikong kilusan.

Mabuhay ang ang ika 50 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng NDFP! Long live international solidarity!”

(ulat ng Kabataang Makabayan-Narrm)

## 2 tropa ng 70th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Bulacan

Abril 30, 2023

Dalawang sundalo ng 70th IB ang napatay sa isang engkwentro sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bulacan sa Sityo Balagbag Araw, Barangay San Isidro, San Jose del Monte, Bulacan noong Abril 28 ng umaga.

Ayon sa ulat ng yunit, na-engkwentro nila ang nag-ooperasyong tropa ng 70th IB sa naturang lugar. Walang kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma.

"Ang mersenaryong tropang ito ang masugid na tagapagprotekta ng interes ng naghaharing uri na sila Villar, Robes at Araneta," pahayag ni Ka Jose del Pilar, tagapagsalita ng BHB-Bulacan.

Ayon sa yunit, mahigit 700 ektarya ang lupang kinakamkam ng pamilya Araneta sa lugar na siyang magpapalayas sa magsasaka sa lugar.

Ang tropa ng 70th IB ay mahigit tatlong linggo nang nag-ooperasyon at nanggugulo sa lugar. Kinokontrol ng mga sundalo ang kabuhayan at konsumo ng suplay ng mga residente. Ayon pa sa mga residente, tinatakdaan ng mga sundalo ang dami ng pagkain na pwede nilang bilhin.

Sangkot ang 70th IB sa maraming kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Bulacan at Zambales sa nagdaang mga taon. Imbwelto ang yunit sa pagpapaulan ng bala sa bahay ng mga sibilyan sa Sityo Manampus ng Barangay San

Mateo, Norzagaray noong 2022. Ninakaw din ng mga sundalo ang bigas, manok at itik ng isang magsasaka noong Abril 24.

## 60,000 pulis, idedeploy sa bansa kontra-rali sa Mayo Uno

Abril 30, 2023

Inianunsyo ngayong araw ng Philippine National Police (PNP) ang pagdedeploy ng sobra-sobrang bilang ng mga pulis sa buong bansa para "panatilihin ang kaligtasan" bukas, Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Kalakaran na ng PNP at estado na pigilang makapagtipon ang mga manggagawa sa araw na ito.

Ayon kay Gen. Benjamin C. Acorda Jr, hepe ng PNP, magpapakilos sila bukas ng 59,587 pulis para pigilana ang mga pagtitipon sa tabing ng "pagtulong na aayon sa batas" para maging "mapayapa" ang mga aktibidad."

Nakatakdang magkasa ng pagkilos ang mga unyon at manggagawang nabubuklod sa All Philippine Trade Union bukas sa Mendiola sa Manila. Nasa 10,000 manggagawa ang inaasahang magtitipon para sa dagdag-sahod, trabaho at karapatan.

Sa Metro Manila, aabot sa 10,529 pulis ang pakikilusin ng National Capital Region Police Office (NCRPO) para pigilan at supilin ang demokratiko at ginagaratiyahan ng konstitusyon na mga pagkilos at protesta ng mga manggagawa sa rehiyon.

Upang bigyang matwid ang planong paggamit ng dahas laban sa mga protesta, ipinahayag ng PNP na mayroong “ilang grupo na sasamantalahin ang sitwasyon para maghasik ng gulo at karahasan.” Ipinahayag na rin ng NCRPO ang kahandaan nitong buwagin ang mga mapayapang pagkilos nang sabihin na ipatutupad nila ang reaksyunaryong patakaran na “no permit, no rally.”

## Grades 11 at 12, walang saysay

Abril 30, 2023

Dapat ibasura na ang programang K-12 at ibalik sa dating anim na taon ang elementarya at apat na taon ang hayskul. Ito ang paulit-ulit na panawagan ng Alliance of Concerned Teachers. Sa isang pahayag noong Abril 27, tinawag nitong “walang saysay” ang idinagdag na Grade 11 at 12, at sinabing wala ni isang pananaliksik ang nagkapagpatunay na epektibo ito. Isinabatas at ipinatupad ang programang K-12 noong 2013 sa ilalim ng rehimeng US-Aquino II.

Muling ipananawagan ng ACT ang pagbabasura matapos maghapag ng panukala si Rep. Gloria Arroyo na gawing “boluntaryo” ang pag-enrol sa Grade 11 at Grade 12. Ang mga nais magtuloy sa kolehiyo na lamang ang obligahing mag-enrol para rito.

“Ang pagsasabing gawing boluntaryo ang Grade 11 at Grade 12 ay nagpapatunay sa kapalpakan ng K-12,” ayon kay Vladimir Quetua, tagapagsalita ng ACT. Mas mabuti pang tanggalin na ang dalawang

gradong ito at ibalik sa junior high school ang mga gurong itinalaga rito. “(Ito ay para) makatulong sa pagpuno sa kasalatan ng guro at klasrum sa antas na ito at mapaliit ang laki ng mga klase sa mas mapangangasiwaan na antas,” aniya.

Dapat ding baguhin ng buo ang kurikulum ng batayang edukasyon na sa ngayon ay hindi nakatuon sa isang tunay na programa para sa pambansang pag-unlad, dagdag ni Quetua.

Tampok rin ang kapalpakan ng K-12 sa serye ng mga pagdining na isinagawa sa Senado noong nakaraang linggo. Dito, nabunyag na hindi nag-eempleyo ng mga gradweyt ng senior high school ang burukrasyang sibil ng gubyerno. Tinawag ito ng isang senador bilang “labis na di makatarungan” lalupa’t ang gubyerno ang nagmandato sa programang K-12 sa pangakong agad na makakukuha ng trabaho ang mga gradweyt nito.

Sa inisyal na pag-aaral, nasa 10% lamang ng mga gradweyt ng senior high school ang nakahanap ng trabaho. Ang 83% sa kanila ang tumuloy sa kolehiyo. Gayunpaman, napag-alaman din sa pagdinig sa Senado na 68% lamang sa mga nagtapos sa Grade 10 ang tumutuloy sa Grade 11. Ibig sabihin, nasa 2 milyon ang tumitigil sa pag-aaral matapos ang gradong ito.

## Kabataan, nagmartsa sa CHED kontra taas-matrikula

Abril 30, 2023

Nagmartsa ang mga kabataan at estudyante mula sa iba’t ibang unibersidad ng Metro Manila mula sa University Avenue ng University of the Philippines-Diliman tungo sa upisina ng Commission on Higher Education (CHED) sa Quezon City noong Abril 28. Ito ay bilang protesta sa napipintong pagtataas ng matrikula, sa pahintulot ng CHED, sa maraming Higher Education Institutions o mga pribadong unibersidad sa bansa.

Sa pangunguna ng Rise for Education Alliance at National Union of Students of the Philippines (NUSP), ilampung kabataan ang nagtungo sa CHED para kalampagin ang naturang ahensya.

Kabilang sa mga pamantasan at uniberisdad na may planong magtaas ng matrikula ang University of the East (9.5%), Saint Louis University (9%), Holy Angel University (8%), Ateneo (7%), University of Sto. Tomas (7%), University of San Carlos (3-5%), De La Salle Univesity (4%) at Far Eastern University (4%).

Nakiisa sa pagkilos ang mga kinatawan ng mga konseho ng mga mag-araal at iba pang organisasyon mula sa University of Sto. Tomas, De La Salle University, Far Eastern University, Ateneo de Manila University, University of the East, National University at mga pampublikong pamantasan tulad ng UP at Polytechnic University of the Philippines.

Giit ng mga kabataan, hindi makatwiran at makarungan ang planong pagtataas ng matrikula at iba pang bayarin sa mga pamantasan.

Pahayag ni Nathan Agustin mula sa UST Student Council, “Ginigipit ng mga autonomous units ang students sa limitadong consultations on TOFI.” Himutok naman ng kinatawan ng DLSU, “ang education ay naging para sa mayaman imbis na maging para sa mamamayan.”

Bilang pagkundena sa napipintong pahirap na pagtaas ng matrikula, sabay-sabay nilang pinunit ang isang malaking “invoice” o listahan ng mga bayarin sa pamantasan. Sigaw nila: “Education not for sale!”

Ipinabatid din ng kabataan sa protesta ang paninindigan nila para sa kalayaang pang-akademiko at pagtutol sa Mandatory ROTC na itinutulak ng rehimeng Marcos Jr.

Negosyo ang edukasyon

Ayon sa pag-aaral ng NUSP, kailangan ng hanggang ₱150,000 kada taon para makapag-aral sa kolehiyo. Ngayon napipinto ang taas-matrikula, “hihilahin nito ang mga pamilyang Pilipino sa ibayong kahirapan habang nagpapayaman ang pinakamayayaman nang negosyante na nagpapatakbo sa edukasyon bilang negosyo,” paliwanag pa ng grupo.

Sa pag-aaral ng NUSP sa datos ng gubyerno noong 2021, sa 10 estudyanteng pumapasok sa primaryang edukasyon, siyam lamang ang nakapagtatapos. Pito na lamang sa kanila ang ang tutuloy sa hayskul. Sa pitong ito, anim lamang ang makagagradweyt at dadalawa lamang ang magtutuloy sa kolehiyo. Sa dalawa, isa lamang

ang makapagtatapos. "Ipinakikita ng mga bilang na ito ang malubhang kalagayan ng edukasyon sa bansa," ayon sa grupo.

## Pulang mandirigmang maysakit sa kidney, sadyang pinatay ng 62nd IB sa Negros

Abril 30, 2023

Namamaga ang paa ng Pulang mandirigmang si Anthony Curson (Ka Miguel) dulot ng sakit sa kidney nang dakpin at sadyang pinatay ng 62nd IB noong Abril 28 sa Sityo Malatanglad, Barangay Budlasan, Canlaon City. Liban dito, isang magsasaka ang dinampot at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng mga sundalo.

Ayon sa ulat, si Curson ay nagpapahinga sa naturang lugar dahil namamaga ang kanyang mga paa at halos hindi na makalakad dulot ng sakit sa kidney. Si Curson ay isang hors de combat o kombatant ng BHB na wala sa katayuang lumaban.

Dinala siya sa bahay ng magsasakang si Leonido Montero at doon labis na pinahirapan bago pinatay. Tulad sa ibang kaso ng sadyang pagpatay ng mga rebolusyonaryo, pinalabas na napatay siya sa isang "engkwentro."

Ang walang-pakundangan at sadyang pagpatay kay Curson at pagtortyur at pag-aresto kay Montero ay krimen sa digma at labag sa internasyunal na makataong batas at Comprehensive Agreement on Respect for Human

Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Nilabag nito ang ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 1 ng CARHRIHL: "Ang mga taong wala sa katayuang lumaban (hors de combat) at yaong hindi tuwirang kalahok sa mga armadong sigalot ay may karapatan sa paggalang sa kanilang buhay, dignidad, mga karapatang-to, mga paniniwalang pampulitika, at moral at pisikal na integridad, at pangangalagaan sa lahat ng sirkunstansya at makataong itatrato nang walang pagtatangi batay sa lahi, kulay, paniniwala, kasarian, kapanganakan, katayuang panlipunan o anumang katulad na pamantayan."

Labag din ito sa ika-4 na Bahagi, Artikulo 4, Numero 4 ng CARHRIHL: "Ang sibilyang populasyon at mga sibilyan ay itatrato bilang sibilyan at ipag-iiba sa mga mandirigma at, kasama ang kanilang ari-arian, ay hindi maaaring atakihin."